UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
JAN 20 1958

Magasin ng BAGONG Buhay

ENERO 19, 1958



# DALANGHITA...
Pahina 2-3-4

## P.05... PAGKATAPOS NG PANGARAL...
Pahina 14

*NAIS BA NINYONG GUMANDA?*
Pahina 5

Kuha ni Evaristo Nievera

## mga Sulat sa Editor

Nais ko pong magpadala ng isa kong akda sa *Magasin ng Bagong Buhay*, nguni't hanggang ngayon ay nag-aalinlangan ako kung saang talaga ang inyong tanggapan. Ayon sa inyong patalastas ay sa tanggapan ng *Manila Time* sa daang Florentino Torres ang inyong upisina, nguni't ayon naman kay G. A. T. G. Cruz ay sa Sampaloc Avenue sa Quezon City. Alin po bang talaga ang tamang direksiyon, para makatiyak naman akong darating sa inyo ang aking padalang-tulong sa Magasin ng BB? —*Emiterio Santos, Grace Park, Kalookan, Rizal.*

**Sa kasalukuyan ay maaari ninyong ipadala ang inyong akda sa alinman sa dalawang ito:** Magasin ng BAGONG BUHAY, Manila Times Bldg., F. Torres, Sta. Cruz, Maynila, o 209 Sampaloc Avenue, Siyudad Quezon. **—ED**

——oOo——

Nabasa ko po ang kuwentong "Hadlang na Tuod" na lumabas sa inyong magasin. Mainam po ang kuwento. Sadyang pampanitikan. May ipinahihiwatig na layunin ang paksa na kung hindi ako nagkakamali ay nakapaloob sa pamagat ng kuwento. Kung hindi isang malaking kaabalahan ay maaari po bang ipaliwanag ninyo ang layuning iyon o ang pamagat ng kuwento? Bagama't may kaunting hilig din po ako sa pagsulat ay inaamin kong mahina pa ako sa pag-unawa sa ipinahihiwatig na diwa ng ilang kuwentong nababasa ko. —*G. C. Asuncion, Bureau of Posts, City Delivery Division.*

**May-kahabaan hong ipaliwanag ang nais ninyong malaman at "kakain ng malaki-laking pitak kung dito natin ilalathala. Nguni't para sa inyong kasiyahan, iaabot namin kay G. C. C. Marquez, Jr. ang inyong sulat upang siya nang sumagot sa inyo nang tuwiran ukol sa ibig ninyong malaman. —ED**

——oOo——

Nabasa po namin sa isang pahayagan na si Rosa Rosal ay maninirahan na sa ibang bansa pagkatapos ng huling pelikulang ginagawa niya sa LVN. Nguni't ayon naman sa isang manunulat na nakausap namin ay mananatili si Rosa sa Pilipinas kahit kasal na siya sa isang Amerikano. Alin po ba ang maaari naming paniwalaan? —*Delfin Casiro, Quiricada, Maynila.*

**Sa pagkakaalam ho namin ay mananatili rin si Rosa dito sa Pilipinas... Gayunman, lalong mabuting sulatan ninyo siya o sumulat kayo sa LVN para masiguro ninyo kung tutoo nga. —ED**


MAGASIN NG BAGONG Buhay

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY

Tanggapan: Manila Times Bldg., Florentino Torres, Sta. Cruz, Maynila

Pansamantalang limbagan: PSP Press, Sampaloc Ave., Lunsod Quezon

Namamatnugot: EDDIE RAÑOLA


MERCEDES R. MACALALAG — Pitak-Pantahanan
PETE VENEZUELA — Sa Sining
GREGORIO R. FLORENCIO — Kagawad
BEN T. SANTOS — Potograpo

HALAGA NG SUSKRISYON (LINGGO LAMANG)
Tatlong buwan ... ₱3.00 Anim na buwan ... ₱6.00
Isang taon ... ₱12.00
Doble ang halaga kung ipadadala sa ibang bansa




Makikita sa larawan ang masaganang ani sa isang bahagi lamang ng malawak na pataniman ng dalanghita ni Dr. Dimayuga.

Masayang pinagmamalas ng dalawang dalaga sa larawan ang kalawakan ng isang pataniman na hitik sa mga bunga.



# DALANGHITA: Isang Yaman Ng Bansa

NGAYONG HALOS pigilin na ang pagtatakda ng dolar para sa mga inaangkat ng bansa, malaking halaga ang matitipid ng pamahalaan kung tatangkilikin ang mga aning dalanghita sa Lipa, Batangas.

Malalaki at matatamis, ang mga dalanghita rito ay pumapantay sa ano mang uring inaangkat sa ibang bansa. Ang industriyang ito ng dalanghita ay nagsimula may apatnapung taon na ang nakararaan, at ngayon lamang lubusang pinagkakakitaan.

Limang taon ang kailangang hintayin bago magbunga ang puno ng dalanghita, nguni't pagkaraa'y maaasahan na ang tuluy-tuloy na ani sa darating na 50 taon.


Isa sa mga may masaganang pataniman sa Lipa ay si Dr. Alberto Dimayuga, isang dentista na ngayo'y dalubhasa sa mga dalanghita. Siya'y may 11 ektaryang lupa na natatamnan ng *dalanghitas zynkum, ladu* at *zynkum-ladu.*

Naniniwala ang mga may-pataniman sa Lipa na kung ang pamahalaan, sa pamamagitan ng NAMARCO, ay tutulong sa pamamahagi ng mga dalanghita, bababa ang halaga nito bukod pa sa mababawasan ng kalahati ang dami ng inaangkat sa ibang lupain. Sa ganyan, malaki ang maitutulong ng industriyang ito sa ikatatatag ng kabang-yaman ng ating bansa.

Ang mga puno ng dalanghita ay nangangailangan ng maingat at mabuting pangangalaga. Dahil diyan, si Dr. Dimayuga at ang iba pang may pataniman ng dalanghita ay laging abala sa pagharap sa kanilang pananim — lalung-lalo na ang pagbaka sa mga mapaminsalang insekto at ang pagpapayaman sa kanilang lupang taniman.



Si Dr. Alberto Dimayuga, samantalang sinusuri ang isang tanim niyang dalanghita. Mapapansing maliit pa ang puno ay hitik na sa bunga, bagay na natatangi sa karaniwan.



Tiklis-tiklis na dalanghitang dadalhin sa Maynila. Hindi magkasiya sa isa o dalawang trak ang bahagi lamang ng isang ani sa malawak na pataniman ito sa Lipa, Batangas.



tingnan ang kasunod na pahina

Pinipili ang naani nang dalanghita at inaayos sa mga tiklis ayon sa kani-kaniyang laki at kulay, tulad ng makikita sa larawan.




# TATLONG DILAG... AT MATATAMIS NA DALANGHITA

ANG DALAWANG DALAGA sa pabalat, sina Milagros Espeneli at Nenita Tapalla, ay kasama ng kaibigang si Gilda Dimayuga sa larawan sa itaas. Tila may-pagmamalaking ipinakikita nila sa lahat ang matatamis na dalanghitang ani sa taniman ni Dr. Alberto Dimayuga. Ang mga magulang nila ay pawang may pataniman ng dalanghita na pinag-aanihan ng sapat upang maipamahagi sa mga pamilihan.

Huwag ninyong akalaing may kung-sinong tinitingnan sina Gilda at Nenita. Ganyan ang kanilang anyo dahil sa kapritso ng potograpong si EN ng *Times* na talagang mahilig sa magagandang anggulo.

Sa kanan ay masayang naglilibot sa pataniman ang tatlong magkakaibigan... at mababakas sa kanilang mga mukha ang kasiyahan Ang kaaning mga dalanghita ay iniaayos sa mga kaing upang dalhin sa Maynila. . .





Pagpapatangos ng ilong... bago at pagkatapos ng operasyon.




Naito ang isang Haponesa matapos magdaan sa isang operasyon. May tatlumpung minuto lamang ang nakaraan, pumasok siya sa ospital na may-singkit na mga mata at halos di-makitang mga pilik. Ngayo'y isa na siyang mistisahin.

# Bagong Mukha Para Sa Inyo


BATAY sa mga larawan sa mga babasahin at sa mga nakikita natin sa mga pelikulang buhat sa ibang bansa, masasabi nating ang mga taga-kanlurang panig ng daigdig ay higit na may magagandang hugis ng mukha kaysa sa ating mga silanganin. Ilang taong nanghahawak sa teoriya ni Charles Darwin (na ang tao'y nagbuhat umano sa mga unggoy sa pamamagitan ng ebulusyon) ang pabirong nagsasabing ang hugis ng mukha ng marami sa atin (s'yempre tabi sa kaluluwa) ay malapit pa rin sa hugis ng hilatsa ni "Cheetah". Ito'y malaking suliranin sa mga taong ang kaligayahan ay nasasalalay sa kanilang kagandahan, lalung-lalong na ang mga babae.

Nguni't gaano man kabigat ang problemang iyan para sa mga kinauukulan, mayroon na ngayong mabisang panlunas na likha ng karunungan ng tao — ang "plastic surgery". Sa pamamagitan ng siyensiyang ito, ang mga may sarat na ilong, humpak na pisngi, singkit na mata, manipis na pilik, at marami pang ibang diperensiya ng mukha ay nagagawan ng paraan sa loob ng ilang minuto lamang—at sa mababang halaga. Katunayan, maging sa Hapon ay sinasaglit lamang sa ospital ang pagbabago ng hugis ng mukha ng isang tao, tulad ng makikita sa mga larawan...

**Mga larawang kuha ng PAN-ASIA PHOTO NEWS**



Ang manggagamot na ito'y si Dr. Fumio Umezawa, ang nagpasimula ng "plastic surgery" sa hapon. Ayon sa kanya, sa tanggapan niya sa Jujin Hospital sa Tokyo ay umaabot sa 300 tao, karamihan ay babae, ang kumunsulta upang magpabago ng anyo ng mukha.



Ang operasyon sa kilay at pilik, na gaya ng makikita sa larawan, ay tumatagal lamang nang 15 minuto at nagkakahalaga ng 14 na dolar, sa Hapon.



Isang wari'y buhay na rebulto ng babae ng tribong Tlingit, samantalang gumagawa ng mamahaling kumot. Ang ginagamit dito'y balahibo ng kambing-bundok, at umaabot sa isa't kalahating taon ang pagyari. Ginagamit lamang ito sa mga seremonya at paglilibing ng mga Indiyan.

# Buhay Ng Mga "Indiyan Pana"

ANG UNTI-UNTING napapalis, nguni't hindi pa rin ganap na naglalahong tribo ng Amerikanong Indiyan, ay mahalagang bahagi ng kasaysayan ng Amerika.

Bilang pagpapatunay sa kahalagahang iyan, isang malaking *exhibition* ang itinatampok ngayon sa Hall of North American Eskimos and Indians sa Smithsonian Intsitute sa Washington, D.C. Ipinakikita sa pagtatanghal na ito ang buhay-buhay ng mga Indiyan noong bago sila masakop... at nang kasalukuyang nasasakop... ng mga taong-puti.

Sa pamamagitan ng mga tila buhay at malalaking rebulto, naipakikita ang pananamit at pamumuhay ng mga Indiyan. Bahagi rin ng *exhibition* ang mga *display* ng iba't ibang kasangkapan at pagkaing namana ng mga taong-puti sa mga Indiyan at kasalukuyang ginagamit sa Amerika.



Bilang bahagi ng kasaysayan, ipinakikita ang pakikipagkalakalan ni Kapitan John Smith sa mga "Powhatan Indians" sa James River noong 1607.




Ito'y isang bahagi sa buhay ng mga Eskimo: ang panghuhuli ng isda na pangunang sangkap ng kanilang pagkabuhay.

# MGA BALITANG PANDAIGDIG (SA LARAWAN)



**TAMPOK NA MAG-ANAK** — Pinarangalan ni Gng. Franklin D. Roosevelt (kaliwa) at Basil O'Connor (kanan), pangulo ng "National Foundation for Infantile Paralysis," ang tampok na mag-anak ng 1958 sa "Polio Hall of Fame". Si Gng. Joseph L. Solomon, ang kambal na anak na sina Sandra Sue at Linda Lou, at si Joe —ang tampok na mag-anak — ay pawang nagkasakit ng polyo noong 1953. Nasa larawan din si Komandante J. L. Solomon, pinuno ng Hukbong Panghimpapawid.

**"AROUND THE WORLD"** — Wala nang problema hinggil sa mga balitang pandaigdig ang dalagang ito. Ang kanyang suot ay may disenyong mga balita at mapa ng Europa. Lahat nang hindi nagkasya sa kanyang damit na "pahayagan" ay matuntunghayan naman niya sa hawak na payong.





**NAKAIWAS SA KOMUNISMO** — Ipinagbunyi ang pagdating ng dalawang bantog na mang-aawit sa opera — sina Chang Yi-fan at Lee Shiang-fun — nang sila'y dumating sa paliparan ng Taipei kamakailan matapos makatakas sa lupain ng Komunistang Tsina...

# Sariling Kuro-kuro

ni P. S. Aspillera


KARAPAT-DAPAT pag-ukulan ng papuri at lalong pansin ang mga ginagawa ng ilang tagatangkilik ng mga palatuntunang panradyo at pan-TV sa pagbibigay ng pagkakataon sa ating mga kabataan (mula sa aapating taon) sa kanilang mga "amateur contest".

Bukod sa kasiyahang idinudulot ng mga batang ito sa mga tagapakinig at madlang nanonood ng TV, hindi natin masusukat ang nagagawa nito upang mabawasan ang mga "juvenile delinquency" o mga suliraning pangkabataang palasak ngayon sa lahat ng sulok ng daigdig. Ang mga batang kalahok sa ganitong uri ng palatuntunan ay kailangang magukol ng kanilang mga labis na panahon sa pag-aaral sa pagsasanay at pagpapabuti sa sarili. Kaya't sa halip na iukol ang mga gintong oras na ito sa walang kabuluhan at madalas na binhi ng mga kasamaan, ang mga sandaling ito ay naiuukol sa mga bagay na lubhang kapaki-pakinabang.

Isa pang napakamahalagang bunga nito ay ang pagtuturo sa ating mga bata ng mabubuting ugali sa pakikiayon, pakikiisa, at pagsasamahan. Wala nang bibisa pang pandisiplina sa isang batang may katigasan ang ulo o kahambugan kaya gaya ng pagiging tagasunod lamang sa pangunguna ng iba, sapagka't sa karaniwang pamumuhay, gaya rin naman ng sa pag-awit, may nararapat maging puno at may dapat ding maging tagasunod. Ang pagpapasailalim sa lalong may kakayahan ay isa sa mga nararapat linanging mabuting kaugalian sa ating kabataan.

Bukod dito, ano mang kilusang nauukol sa pagpapalaganap ng kagustuhan sa musika, maging sa pag-awit at pagtugtog, ay karapat-dapat sa lalong pagpupuri. Wala nang hihigit pang aliwan para sa kabataan na makapagtuturo ng wastong kumpas, pagbibigay ng damdamin, pagsasalin nang tapat, at paglikha sa sarili, gaya ng kasanayan sa pag-awit at pagtugtog. Ang musika ay wika ng kaluluwa at ng puso. Ang isang taong nakatatalos at nakauunawa ng mabubuting tugtugin ay may angking kayamanan. Nasa kanya ang kagandahan ng kalikasan, ang katamisan ng buhay, ang kadakilaan ng kapuwa. Ang kabataang magising sa pag-unawa ng isang awitin ay natututong umunawa sa damdamin ng ibang tao at ito ang binhing nagpupunla ng mabuting pakikisama at pagsusunuran. Ang kabataang marunong sumunod sa takdang kumpas ng musika ay natututo ring makiindak sa iba't ibang kumpas ng buhay. Ang maliliit na batang lakas-loob na pumapagitna sa tanghalan at tumatanggap ng tagumpay at pagkatalo nang may ngiti sa labi ay magiging mga ulirang mamamayan sa kinabukasan. Magiging marunong silang tumanggap ng mga dagok at kasawian sa buhay sapagka't nasanay na silang tumanggap ng kabiguan nang buong kagitingan.

Ang mga inihahandog na mga panggantimpala ng mga tagatangkilik na ito ay hindi lubhang mahalaga. Ang lalong kapuri-puri ay ang mga nagagawa ng mga palatuntunang ito sa katauhan ng ating kabataan, sa paghibo sa kanilang maging mabubuting tagasunod at puno, sa paglinang ng kanilang talino at ng likas na kakayahan. * * *



## MAGANDANG AYOS NG INYONG HARDIN

TAPOS NA ang tag-ulan... at ngayo'y kasiyasiyang magpalipas ng ng mga sandali ng pamamahinga sa loob ng inyong halamanan. Subali't kung magulo ang tanawing makikita sa paligid ng isang hardin, kabagut-bagot ang pamamahinga sa loob nito. Makikita sa larawan ang marikit na ayos ng isang bahagi ng hardin, na maginhawang pagpalipasan ng oras kung kayo'y nasa bahay. Ang mga upuan at lamesitang kinapapatungan ng paso ay pawang yari sa kahoy.

## Mga Payong PANTAHANAN

- Ang itim na pieltro ay malilinis ng pinaghalong ½ tasang malamig na tsaa at isang kutsaritang amonya.
- Ang mantsang likha ng **mercurochrome** sa mga may kulay na damit ay madaling maalis ng pinaghalong tubig at amonya o ng solusyon ng **borax**.
- Upang mahalong mabuti ang pinturang gagamitin, itaob ng isang gabi ang lata ng pintura saka gamitin sa sumunod na araw.
- Kung ang inyong mga kamay ay nangungulubot sa matagal na pagkakababad sa tubig, kuskusing mabuti ng asin o suka, makikita ninyong mapapawi ang pangungulubot at ang kamay ay magiging malambot.
- Huwag lalagyan ng asin ang pinalalambot na karne hanggang hindi pa naluluto sapagka't bukod sa matagal bago lumambot kung may asin ay nakapagpapaalis pa ng katas ng karne.
- Madaling matatanggal ang nakadikit na **chewing gum** sa damit kung kukuskusin ninyo ng puti ng itlog ang bahaging may nakadikit.
- Upang hindi lubhang makaramdam ng pagod dahil sa maghapong paggawa (pag-iikot sa kusina) at maging sa pamamalantsa, tumuntong sa makapal na basahan.
- Huwag pababayaang mapababad sa mainit na tubig ang kutsilyong asero sapagka't luluwang ang tangkay niyon.
- Kapag may nahuling daga ang inyong **rat trap,** linisin munang mabuti bago lagyang muli ng paing keso nang lapitang muli ng mga daga ang bitag.
- Balutan ng gomang boteng may mainit na tubig ang bote ng gatas ng inyong mga sanggol nang hindi na kayo magpainit pa niyon sa hatinggabi. Maiiwasan din ang madaling pagkapanis ng gatas.
- Labhan ang pranela sa mainit na tubig na may bula ng sabon. Huwag ibababad bago labhan sapagka't magiging mahirap ang paglalaba.

ANG LIBINGAN, kahit saan matagpuan, ay isang piping tagapagpagunita sa tao na ang buhay niya sa daigdig na ito ay panandalian lamang; nararapat gugulin niya ang kanyang nalalabi pang mga araw sa pagsusulit sa mga nagawa niyang pagkakamali.
—Hawthorn


## *Kalabasa Sa Binilog Na Kanin*

**Buhat sa Star Recipes ng Caltex (Phil.) Inc.**

½ tasang baboy (nilaga at hiniwa-hiwa)
¼ na sibuyas (hiwain)
2 tasang kudra-kudradong kalabasa
½ tasang malapot na gata ng niyog
3 tasang kanin
dahon ng parsli
2 butil na bawang
⅓ tasang hipon (talupan)
mantika
½ tasang katas ng hipon
½ tasang dahon ng malunggay
4 na malalaking hipon

Igisa sa mantika ang bawang, sibuyas, hipon at ang baboy. Timplahan ng asin at paminta. Isunod ang katas ng hipon, takpan at pakulin nang dalawang minuto. Ihalo ang kalabasa. Kapag luto na nang bahagya, isalin ang gata ng niyog at pakuluin nang mga tatlong minuto.

Hulmahan naman ang kanin nang pabilog, guwang ang gitna, saka isalin ang iginisang kalabasa. Ihanay sa paligid ang hipong malalaki na inilagang may balat saka paligiran ng parsli. Ihaing mainit. Para sa apat na katao.




## *Putsero*

**Buhat sa Star Recipes ng Caltex (Phil.) Inc.**

½ kilong karneng baka (tilarin)
1 taling sibuyas na mura
½ ulong repolyo
1 tasang putul-putol na sitaw
½ tasang garbansos (nilaga)
2 butil na bawang (pinitpit)
4 na kamatis o ½ latang kamatis
2 tsoriso de Bilbao
3 punong kintsay
2 patatas (pinag-apat)
3 saging na saba
5 kutsarang mantika
1 sibuyas (hiwa-hiwain)
asin at paminta

Palambuting sabay-sabay ang karne, tsoriso, sibuyas na mura at ang kintsay. Kapag malambot na ang karne, pakuluin nang sunud-sunod ang mga gulay sa sabaw ng karne. Hanguin at itabi sandali. Palambutin pagkatapos ang saging at ang patatas. Hanguin. Igisa naman sa mantika ang bawang, sibuyas at ang kamatis. Ihalo ang karne at ang tsoriso. Isunod ang saging, garbansos, patatas at ang iba pang gulay. Timplahan ng asin at paminta upang magkalasa. Ihaing may kasamang salsa (pinaghalong talong at kalabasa).



# mga Pagkain natin

## *Ginisang Bawang (Gulay)*

ni Cita Mariano

½ kilong bawang (gulay)
¼ na kilong hipon
¼ kilong baboy
3 butil na
1 sibuyas
mantika

Hiwain ang bawang, baboy at ang tinalupang hipon ayon sa ibig na laki at haba.

Dikdikin ang bawang. Bayuhin din ang ulo ng hipon saka kunin ang katas. Igisa sa mantika ang bawang na dinikdik, ang sibuyas at ang baboy. Kapag malambut-lambot na ang baboy, isunod ang hipon. Pakuluin nang sampung minuto, timplahan ng asin o patis sa nais na alat. Ihalo ang gulay, pagkaraan ng limang minuto, samahan ng pinagputul-putol na ibinabad na sotanghon.

Hanguin kung inaakalang luto nang lahat ang mga sangkap.

## *Adobong Hito*

ni Cita Mariano

**Mga sangkap:**


6 na hitong maliliit
5 butil na bawang
sibuyas
3 tasang gata ng niyog
asin at mantika

**Paraan ng pagluluto:**

Linising mabuti ang hito. Kung sakaling walang hito, maaaring dalag ang ipanghalili. Itabi sandali.

Igisa sa mantika ang bawang at ang sibuyas. Timplahan ng asin. Ibuhos ang gata ng niyog saka pakuluin. Isama ang isda, takpan at hayaang mag-langis-langis ang gata saka hanguin.

# *Mga Damit na Panlakad*







May *strap* na makitid at maluwang na palda ang bestidong nasa itaas. *Close neck* at manggas na *dolman* ang kabuuan ng blusang nasa gitna at tinampukan ng tatlong maliliit na laso. Nagtataglay naman ng bilog na leeg na tinahian ng bias at makipot na paldang kinabitan ng mga butones ang kasuotang nasa kanan. Pawang liso at poplin ang tela ng mga bestidong ito.





# Nasa Likod Ang Kagandahan

Nasa itaas ang isang torero at isang blusang kapuwa nasa likod ang arte.



Si Isabel Rodriguez, isa sa mga modelo ni VIRON sa kanyang Fashion Show na itinanghal kamakailan, ang babaing nakasatin. Ang bestido'y may malapad na *lace* at natatampukan ng kumpol ng mga rosas sa likod.




## para sa laruan

Ihugis sa isang kahoy ang nakaguhit na ito saka papintahan upang lalong maging maganda. Maiibigan ng inyong anak ang ganitong laruan.

● **Pangkabataan**

# "ITO ANG AKING AKDA"

MARAMI NANG PASKO ang nagdaan sa buhay ko, ama ko. May Paskong malungkot, may paskong masaya at may Paskong punung-puno ng kaligayahan. Nguni't sa lahat ng Pasko ay ang Paskong iyon ang di ko malilimot. Sa tuwing sasapit ang pagkakataong ganito ay nananariwa sa aking isipan ang alaala ng Paskong yaon... noong aginalduhan mo ako ng isang manika.



## MANIKA

**"...LUMULUHA AKO HABANG YAKAP KO NANG MAHIGPIT ANG MANIKANG BIGAY MO."**

Tandang-tanda ko pa... ilang araw na lamang noon at sasapit na ang Pasko. Sa katunayan, ang aking mga kalaro ay nagsitanggap na ng aginaldo buhat sa kani-kanilang mga magulang: Bagong baro para kay Neñet... sapatos naman kay Mimi... tig-isa ng manika ang magkapatid na Lily at Aida... Anupa't lahat sila ay may aginaldo. Tanging ako lamang ang wala!

Mula sa ating durungawan ay kitang-kita ko ang pagkakatuwaan nila. Ipinagpaparangalan nila ang kanilang mga bagong laruan. Nagtatawanan sila habang pinanonood ang pagpikit at pagdilat ng manika ni Lily. Nais ko sanang makipaglaro sa kanila at makihati sa kanilang pagsasaya, nguni't ako'y nag-atubili. Naisip kong tutuksuhin lamang nila ako. Wala akong aginaldo... walang maipagpapamarangalan sa kanila... luma ang baro at sulsihan pa! Wala akong nagawa kundi ang manood na lamang sa kanila nang buong pagkainggit.

Hindi kita sinisisi, ama ko, sa pangyayaring iyan. Nalalaman kong ginagawa mo ang lahat, mapaligaya mo lamang kami ni Inang. Nguni't isa ka lamang bantay sa isang bodega. Maliit ang iyong sahod at may sakit pa noon si Inang.

Hindi ko nalalamang matagal ka na pala sa aking likuran at pinagmamasdan mo rin sila sa kanilang paglalaro. At parang nalalaman mo ang nasa loob ko nang mga sandaling iyon nang sabihin mong: —Hayaan mo, anak, at ibibili rin kita ng manika... pati na baro.

Marahil ay natatandaan mo pa ang pangingislap ng aking mga mata noon bunga marahil ng aking katuwaan. —Siyanga ba, Itay? Ibibili n'yo 'ko? —nasa tinig ko ang pananabik.

—Oo, Linda, —ang wika mo, at nang tumingin ka sa akin ay nabasa ko sa iyong mga mata ang labis na pagkaawa sa akin, —bukas na bukas din.

Kinabukasan. Bisperas ng Pasko. Wala akong pagsidlan sa aking katuwaan noon. Mayroon na akong manika at bago pa ang aking baro pati na ang aking sapatos. Ang lahat nang iyan ay aginaldo mo sa akin. Maligayang-maligaya ako noon at nalalaman kong ibayo ang iyong kaligayahan. Si Inang man ay masaya rin. Nakalimbag sa dati'y hapis niyang mukha ang kasiyahan.

Aywan ko kung naaalaala mo pa nang ako'y pangkuin mo at pupugin mo ng halik. Pabulong mong sinabi sa akin: —Maligayang-maligaya ako, anak! —Nguni't ang hindi ko malaman ay kung bakit ang sinasabi mong kaligayahan ay hindi binabagayan ng kislap ng iyong mga mata. Malamlam ang iyong mukha noon.

Kinabukasan ko lamang nalaman ang lahat. Araw noon ng Pasko, araw nang pagsilang ng Mesiyas. Kasalukuyang nilalaro ko ang aking manika nang may dumating na dalawang tao. Ilan pang sandali at kasama ka nang pumanaog ng dalawang iyon. Ngumiti ka sa akin nang pumapanaog ka na at ang wika mo: —Linda, ikaw na ang bahala sa Inang mo. Mamamasko 'lang kami! —Nguni't ipinagkanulo ng iyong tinig ang tunay mong damdamin. Basag ang tinig mo nang mangusap ka. —Ang manika mo, anak, huwag mong sisirain, —ang habol mo pa.

Narinig ko ang hikbi ni Inang. Umiiyak siya. Biglang parang sinundot ang aking damdamin. Unti-unting nabuo sa aking isipan ang mga kahulugan ng mga katagang narinig ko sa pag-uusap ninyo ng dalawang lalaking iyon: 'Bodega... Ninakawan... Kasabuwat!

Hindi ko malaman kung anong uri ng damdamin ang naghahari sa aking kalooban noon. Hindi ko rin malaman kung ako'y naaawa o nagdaramdam sa iyo. Ang nalalaman ko'y lumuluha ako habang yakap ko nang mahigpit ang manikang aginaldo mo sa akin. * * *

—LIBRADO AR. AZARES
17 taong gulang
Lopez Jaena
Lopez, Quezon

---

## Kuwento Ng Isang Kornetin

**SA PAGPANAW NG ISANG "CHEDENG", LUMUHA ANG PANGINOON NIYA AT SIYA'Y NANANGIS**

ANG NAGHAHAWAK sa akin ay ang **bandleader** ng orkesta. Ako ang paborito niyang instrumento. Mahal na mahal niya ako. Lagi niya akong pinupunasan matapos na ako'y kanyang gamitin.

Gabi-gabi'y tumutugtog ang nagmamay-ari sa akin sa isang **night club.** Mahusay siyang umihip kaya't ginagawa ko rin ang aking makakaya upang lalong gumanda ang kanyang mga tinutugtog. Kadalasa'y sumosolo pa siya. At kung minsa'y sa kanya nababaling ang pansin ng mga nagsisipaglibang sa **night club.**

—Kay-husay rumolo ng kornetin. Bagung-bago kasi! —ang mga papuring naririnig kong iniuukol sa kanya. Nasisiyahan ako sapagka't ako'y kasali rin sa mga papuring iyon. Bagung-bago pa raw ako. Nguni't ang tutoo'y utang ko rin sa naghahawak sa akin ang aking pagiging bago at makintab. Alagang-alaga niya ako. Sa kanyang pamamahay ay walang nakagagalaw sa akin.

Natatandaan ko pa noong minsang ako'y panakaw na galawin ng kapatid niyang bata. Nahuli niya ang kanyang kapatid at ito'y kanyang piningol sa tainga.

—Pag nahuli kita uling ginalaw mo ito, bata ka'y... —Hindi niya naituloy ang kanyang sasabihin. Mayroon siyang biglang naalala. Nagunita niyang gayon din siya noong bata. Ang kanyang ama noong nabubuhay pa'y isa ring mahusay na musiko. Maingat din sa kanyang instrumento. Ayaw ring ipagagalaw sa kanya. Nguni't panakaw rin niyang kinukuha ang instrumento niyon at kanyang hinihipan.

Napapansin ko sa aking tagapagkupkop na nitong mga nakaraang gabi ng kanyang pagtugtog ay masiglang-masigla siya. Inspiradung-inspirado siya. Para bang may isang minamahal na siyang kadluan niya ng mga inspirasyon.

Subali't isang gabi'y gayon na lamang ang aking pagtataka kung bakit hindi kami nagtungo sa **night club.** Siya'y umalis ng bahay. Nakaraan ang maghapo't magdamag ay hindi rin siya nagbabalik. Nang sinundang gabi ay naramdaman ko na lamang na ako'y hinuhugot niya sa aking sisidlan.

Maghahating-gabi na noon. Napansin kong may nakasabit na lasong itim sa kanyang kaliwang dibdib.

Tumanaw siya sa bahagyang nakabukas na durungawan. Nakita niyang nagsabog ang mga bituin sa langit. Marahan niya akong itinaas upang idaiti sa kanyang mga labi, nguni't bago niya ako hinipan ay bumulong siya.

—Para sa iyong pagpanaw, Chedeng... —Mahigpit niya akong inilapat sa kanyang mga labi. Naghumindig ang aking tinig. Pinanaghoy niya ako sa katahimikan ng gabi. Napapapikit siya at sa kanyang pagpikit ay nalalaglag ang luha sa kanyang mga mata. * * *

—ANSELMO P. FAUSTO
Sta. Maria, Bulakan



SIYA LAMANG ang nagtatrabaho para sa kanilang mag-anak. Ang kanyang maybahay, tatlong anak, isang hipag at tatlong apo ay nagsisiasa sa kanya. Siya lamang ang pag-asa... siyang putol ang dalawang paa.

Hindi niya pinayagan kailanman na mawalan siya ng kabuluhan. Ang pagwawalang-bahala sa kanyang sarili ay pagpapabaya sa kanyang mag-anak.

Kaya si G. Rufino V. Salonga, 46 na taong gulang, ay yumari ng isang sandatang ginagamit niya sa pakikibaka sa buhay: isang pirasong tablang kinabitan ng isang pares ng isketing sa ilalim.

Iyan ang gumaganap ng tungkulin ng kanyang mga paa. Lahat ng lugar na ibig niyang puntahan ay nararating niya. Nakakabitan iyon ng isang malapad na sinturon, at sa tuwing uusad siya'y nakatali ang sinturon sa kanyang baywang.

Bandang alas-sais ng umaga kung lisanin niya ang kanilang bahay sa 2024 Interyor, Misericordia sa Sta. Cruz. May dala siyang isa o dalawang libreta ng suwipistik. Nakasukbit ang libreta sa kanyang **polo shirt**. Hindi niya maaaring bitbitin ang libreta ng suwipistik, sapagka't ang kanyang

Kung nagagawa niyang makibaka sa buhay sa kabuuan, ma'no nang harapin niya ang kanyang mga kakumpitensiya?

—Nananalig ako sa kabutihan ng nakararaming tao. Kaysa bumili sila sa nakikita nilang malakas magbili, di kasi pang nanaisin nilang tangkilikin ang mga nangangailangan...

At lalagi siya sa kanyang puwesto —sa tabi ng **outpost** o sa may daanan ng maraming tao— hanggang sa mag-ika-walo. Pagkatapos ay pupunta siya sa isang tanggapan ng Pangasiwaan ng Kagalingang-bayan (SWA)... sa **Office of Vocational Rehabilitation**... sa Baranca, Lunsod Quezon.

Tatlong ulit siyang sasakay patungo sa tanggapang iyon. Una siyang sasakay sa isang dyip at pagkatapos ay sa isang bus.

Sa unang pagkakita sa kanya ng ibang pasahero o tagamasid, maiisip nilang hindi makakaya ni Mang Pinong ang sumakay nang mag-isa. Aakalain nilang kakailanganin niya ang tulong ng mga ito.

Sa pamamagitan ng paghilang pataas ng kanyang dalawang kamay, makasasampa na si Mang Pinong. Nakangiti pang mauupo pagkunan ng kanilang maipantatawid-buhay."

Kasama siyang gumagawa ng mga salantang iyon. Iisa ang kanilang daigdig. Kung nakayayari siya ng basket, **fruit tray, handbag** na plastik, o **wall base**, at iyon ay kanyang maipagbili, nauuwi na sa kanya ang pagbibilhan... aalisin lamang ang halaga ng mga materyales na ginamit.

Nagtitiyaga siya sa paggawa ng mga yaring-kamay araw-araw. Hindi siya makapagsasayang ng oras. Pumapasok siya sa OVR na tulad ng isang karaniwang kawani ng pamahalaan.

..Matagal na siya sa sangay na iyon ng SWA. Sapul pa nang mapinsala ang kanyang dalawang paa ay nag-aral na siya sa sanayan ng SWA. Wala pa noon ang tanggapan ng OVR.

Nang makatapos siya ng anim-na-buwang pagsasanay ay nagpatuloy siya ng paglilingkod sa SWA, na ang pinagbibilhan niya sa mga nayayaring kasangkapan ay nauuwi sa kanya. Gumaganap din siya bilang katulong na tagasanay ng mga baguhan.

Nagsara ang tanggapan ng SWA na pinapasukan niya. Naalis siya sa paglilingkod, at nagtinda na la-

At sa isang pagkakataon, sa mga sandaling hindi niya inaasahan ang pagdatal ng sakuna, dalawang ligaw na punlo ("shrapnell") ang bumaon sa kanyang mga hita. Nang magpasuri siya sa Orthopedic Hospital ay nabatid niyang hindi na siya muling makalalakad pa; kinailangang putulin ang kanyang dalawang paa.

Nalunasan nga niya ang sana'y kawalang-kabuluhan niya matapos mayari ang kapirasong tablang kinabitan niya ng isketing.

Ang kaluwagang natanggap niya sa panunungkulan sa SWA ay unti-unting kinapos nang magkaroon siya ng mga apo. Kaya hinarap na niya ang pagtitinda ng tiket ng suwipistik.

Hanggang ngayon, binibigyan niya ng pantay na kahalagahan ang dalawang pinagkakakitaan niya ng ikabubuhay: ang paglilingkod sa OVR at ang pagtitinda ng suwipistik.

—Ang dinaramdam ko lamang, matagal na akong namamasukan sa tanggapang iyo'y hindi pa ako nauumentuhan,—aniya.

Tulad pa rin ng dating tatlong piso ang tinatanggap niyang suweldo sa bawa't araw ng may pasok. Kung doon lamang sila aa-



Si Mang Pinong, samantalang nag-aabot ng tiket ng Suwipistik sa isang bumibili. Sa tulong ng kapirasong tablang nakakabitan ng isketing ay nalalakbay niya ang "landas ng buhay".

• Sa Kanilang Daigdig

# Isketing: Haligi Ng Isang Mag-anak

## Tulad Ng Isang Magiting Na Sundalo Sa Larangan, Buong Tatag Siyang Nakikibaka Sa Buhay...

*ni Mario Nieves*

dalawang kamay ay ginagamit niyang pang-usad upang lumakad ang kanyang isketing.

May mga taong mag-uukol sa kanya ng mapanuring tingin. Nguni't walang halaga iyon sa kanya. Manapa'y naibabati niya: —Bumili na kayo ng suwipistik, ale... mama...

Sa mga nahahabag, o sa mga nais mag-usisa, ay laging nakangiti si Mang Pinong sapagka't "sila, pangalawa sa Diyos, ang pinagkakautangan ko ng lahat ng ikinabubuhay ko at ng aking mag-anak."

Titigil siya sa isang malilim na sulok sa may simbahan ng Quiapo. Doon niya hihintayin ang mga magnanais bumili ng tiket. Marami siyang kakumpitensiya, alam niya. Nguni't nakikipagsapalaran siya, habang nakapako sa kanya ang tingin ng ibang nangakasakay.

Ang bababaan niya sa Barranca ay malayo pa sa tanggapan ng OVR. Dapat pa niyang lakbayin ang layong iyon. Nguni't maalikabok at mabato, kaya hindi maaaring umusad ang kanyang isketing.

—Nagtataksi na ako, kahit maragdagan ang aking gastos. Katungkulan ko ang makarating doon.

Isang **client trustee** si Mang Pinong sa OVR. Nagtuturo siya sa ibang katulad niyang may kapansanan, sa paggawa ng iba't ibang kagamitang yari sa kamay.

Ikinagagalak niya ang pagtuturong iyon sapagka't "nakatutulong ako sa mga nilikhang walang mamang ng tiket ng suwipistik.

Noong Hunyo, 1954, ay nabuksan ang OVR, kaya muli siyang naipatawag. Malugod niyang tinanggap ang pagkakapatawag sa kanya. Ikinasiya pa niya ang pangyayaring nabigyan siya ng suweldong tatlong piso isang araw.

Iyon ay malaking tulong sa kanilang kabuhayan. Nakaluluwag-luwag silang mag-anak... katulad noong hindi pa napipinsala ang kanyang mga paa.

Buhat pa sa pagkabinata'y isa nang tsuper si Mang Pinong. Malaki-laki ang kanyang kinikita. Nguni't nang dumating ang mga Hapon ay tumigil siya sa pagmamaneho ng dyip. —Mapanganib ang maglalabas nang mga panahong yaon.

sa'y hindi masusustentuhan ang kanyang mag-anak.

At ang suwipistik ang nagiging pandagdag sa kanyang kinikita. Kung mga araw na pista opisyal, inuubos niya ang kanyang panahon sa pagtitinda ng suwipistik. Kung karaniwang araw naman, lagi niyang bitbit ang kanyang libreta upang makapagtinda rin bago siya tumungo sa OVR at sa paglabas niya sa hapon.

—Nagtitiis ako, —aniya, —alang-alang sa aking pamilya.

Kung paano siya naghihirap ay gayon din ang pagkaunawa niya sa paghihirap ng ibang nilikha. Nang minsang nagtitinda siya ng suwipistik ay may isang matandang ba-

(Sundan sa pahina 31)

# Espanyola



**Siya Rin Ang Sumansala Sa Sarili Nang Hangarin Niyang Iwan Ang Nahihimbing Na Si Teresa . . .**

*ni R. E. BAUTISTA*

SA KABILA ng pagnanais ng dalawang panig na magkaroon ng mapayapang pagkakaunawaan, ang digmaang Pilipino-Amerikano ay nagpatuloy na lumagablab. Ang mga taong 1899-1900 ay sumaksi sa pagdanak ng dugo sa bawa't larangan, sa bawa't pagkakataon, at sa bawa't paghaharap ng dalawang magkatunggaling lakas. Waring wala nang paraan upang masugpo ang himagsikan.

At, balana'y naghintay. Ang asawa, sa kanyang kabyak; ang anak, sa kanyang ama; ang kapatid, sa kanyang kapatid; ang magulang sa kanilang anak. Sa hindi pagdating ng hinihintay ay isang patak na lason ang nadaragdag sa puso ng bawa't naghihintay.

Tuwing Linggo'y puno ng iisang dalangin ang simbahan sa bawa't dako; umuwi nawa ang kanilang hinihintay. Linggo-linggong gayon ang dalanging namumutawi sa bawa't labi, at Linggo-linggong nag-aalinlangan ang marami na walang Diyos, dahil sa hindi pag-uwi ng kani-kanilang hinihintay.

NAIINIP siyang hindi niya mawari, gayong batid niyang wala siyang karapatang maghintay kay Angelito. Malimit na nakapangalumbaba siya't nakatanaw sa nagiisang lansangan, sa pag-asang dumating ang hinihintay, o magdaan doon na kasama ng hukbong kinaaaniban. Kung gabi'y nananatili siyang gising at nilalabanan ang antok sa pangambang hindi mamulatan ang pagbukas ng bintana't pagdalaw ng hinihintay.

Kahi't nasa bukid ay nakapukol ang kanyang pananaw sa malayo —sa isang tagpong malaon na niyang binuo sa isip: ang pagsalubong niya kay Angelito.

ANG PAGSUKO ni Heneral Emilio Aguinaldo sa Palanan nang Ika-23 ng Marso, 1901 ay isang tinig ng Diyos na sumambulat sa pandinig ng balana, at ang nagsisipaghintay ay muling napatingala sa langit at nanalangin: May Diyos! May Diyos!

Sinundan ng maramihang pagsuko ang Lider ng himagsikang Pilipino-Kastila. Maliban sa ilang pinuno't kawal Pilipinong nanalig na nasa himagsikan lamang ang ikapagtatagumpay ng simulain at hangaring pambayan, ang siklab ng digmaan ay unti-unting humupa. Nagbalik sa kani-kanilang bayan ang mga lalaking hinihintay.

Gayunman, hindi naging lubos ang kasiyahan ng nagsisipaghintay. Marami ang hindi pa nagbabalik. Marami ang batid nilang hindi na uuwi. Nguni, patuloy silang naghihintay...

PAPAUWI sila ni Gelay nang hapong yaon buhat sa bukid na ipinasasaka sa ilang kasama nang masalubong nila si Aling Iska. Sumasagsag ang matanda patungong bukid.

—Oy! —bati sa kanila ng matanda, na, nakatingin kay Gelay. —Saan ang tungo ninyo?

—Umuwi na ho, Aling Iska, —tugon ni Gelay sa ina ni Teresa. — Kayo ho?

—E, diyan kina Maestrong Tino. Sabi ni Tonyong asawa ni Toyang, e kasama raw niyang umuwi ang manugang ko.

Nakita niyang napatungo si Gelay. Nakagat niya ang kanyang labi. Parang sinaksak ang kanyang dibdib. Sumulyap sa kanya si Gelay at nang makitang nakatingin siya dito ay ibinaling sa matanda ang mukha.

—Si Tonyo ba 'kanyong anak ni Mang Yoyong... e... e... pumasalarangan din ho?

—Aba, e, una pa yata ke Angelito!

—Bu-buti ho't nakabalik sila.

—Awa ng Diyos! E, mula't mula pa'y siya na lamang naaalaala ni Tesang ko... Dale, e, ako'y yayaon na.

—Oho, Aling Iska, —ani Gelay.

Hinawakan siya ni Gelay sa isang bisig nang makatalikod si Aling Iska —tulad nang pumapanhik siya sa hagdanang kawayan ni Maestrong Tino.

Nababatid kaya ni Gelay ang katotohanan, naisip niya. Talos kaya niyon kung gaano ang pagnanasa niyang sumalubong kay Angelito? Nakakaunawa si Gelay, naisaloob niya. Nakakaunawa ang titig ni Gelay, habang nagbabalita ang ina ni Teresa sa pagbabalik ni Angelito.

Parang isang bigat na hindi makayang dalhin ng mga paang isinalagmak niya ang buong katawan sa kama pagdating na pagdating nila sa bahay. Matagal siyang nanatiling nakasubsob sa unan gayong walang luhang dumaloy sa kanyang mga mata. Said na ang kanyang luha.

Nasa gayon siyang kalagayan nang bumukas ang pintuan. Huli na nang mag-angat siya ng mukha, upang itago ang damdaming ilihim kay Gelay.

—Umiyak ka, Montserrat... —narinig niyang sabi ni Gelay. —Makabubuti sa iyong umiyak...

Pinagpunyagian niyang magsalita, at tawanan ang tinuran ni Gelay, datapwa, hindi niya makuhang magkunwari. Nabibitin sa kanyang lalamunan ang bawa't katagang iniisip niyang sabihin.

—Nauunawaan ko, Montserrat. Batid ko ang buong pangyayari...

—Gelay...

—Oo, Montserrat, nariyan ako nang gabing yaon. Narinig ko ang lahat. Patawarin mo ako, Montserrat.

Napayupyop siya sa nibdib ni Gelay. Binayaan niyang suklayin ng mga daliri ni Gelay ang kanyang buhok.

NAKATITIG lamang siya sa malayo habang nagbibida si Karyas. Kasama nila ni Tonyo si Karyas na nakauwi. Bidang-bida si Karyas samantalang isinasalaysay ang "karanasan".

—...Bala... pagkain... gamot —kung kami'y mayroon ng mga iyan, Mang Tano, ano'ng magagawa ng mga Markanong 'yan sa 'min!

—E, ayan ho si Angelito, Mang Tano! Kung napunta lamang kayo sa larangan at nakita n'yo nang totohanan ang mga 'yan, o, ku! Higit hong matatapang ang mga Kastila!

Hindi, naisaloob ni Angelito, danga't hindi niya maisaloob ang usapan sa kubo ni Maestrong Tino. Isang bagay ang itinuro ang dalawang labanang kanyang kinasuungan: pawang duwag ang tao sa harap ng labanan. Bawa't isa'y naghahangad makabalik sa maraming kadahilanan. Hanggang doo'y batid niya. Higit kailanman, ibig ng taong mabuhay pag malapit na sa gitna ng nagbabantang panganib.

—Ilan ba 'kanyo'ng napatay ko? —Tumawa si Karyas at ang gunita ni Segundo'y nagbalik sa kanyang isip. —Hindi kayo maniniwala, Mang Tano!

—E, ikaw ba, Angelito'y marami ring napatay, ha?

Tiningnan niya ang nagsalita. Sa gitna ng mga "dalaw" ay nakapagitna si Aling Iska. Nagni-

(Sundan sa pahina 19)

# ANG TINALI AT ANG TAO

ni
**Rogelio Aquino**

HINDI ko-gustong dumating pa ang araw ng Linggo. Ayoko, kung nasa akin ang kapangyarihan. Sapagka't sa araw na iyon nakatakdang ilalaban ako ng pakikipagpatayan ng aking panginoon. Hindi sapagka't natatakot ako. Hindi sapagka't ako'y duwag. Hindi ko nakikilala ang karuwagan, maging ang takot. May isang makabuluhan at mahalagang dahilan. Malaking dahilang inaakala ko — at siyang totoo — na higit na makatuturan kaysa makapatay ako ng aking kapuwa o ako ang mapatay.

Nguni't sino ang makapipigil sa paglakad ng panahon?

Dumating din ang araw ng Linggo, ang araw na ayaw kong dumating. Madilim-dilim pa ay nasilip ko na sa pagitan ng mga halang ng aking kinakukulungan na papalapit ang aking panginoon.

Binuksan niya ang pinto ng kulungan. Ang langitngit na natikha'y tila pang-uuyam. Inilabas niya ako at tuluy-tuloy na nanaog. Nakita ko ang pagbaba ng aking mga kapuwa buhat sa hapunan. Muli kong nadama ang nanunuot na sigid ng pagkainggit. Kay-sasaya nila. Malaya! May awit na ipinamamansag ang pagdatal ng bagong araw. Samantalang ako... ako ay walang laya. Ipiniit, hinubog at binihasa upang makipaglaban — pumatay at mamatay!

At si Mestisa? Bigla kong nagunita si Mestisa. Ang kariktang laman ng aking gunita, lalo na nitong ako'y ganap na mawalay sa kanya. Kumirot ang aking puso. Kirot na parang hindi ko matatagalan. Mahal pa kaya niya ako? Nagugunita pa kaya niya ako?

Nagbangon ang dating poot ko sa aking panginoon. Kinapopootan ko siya sa kanyang pagiging walang puso. Gayunma'y inaliw ko na lamang ang aking sarili. Kagabi pa, bago ako nakatulog— kung pagtulog ngang masasabi ang bahagyang pagkakaidlip —ay isang pasiya na ang nabuo sa aking isip. Hindi na magbabago ang pasiya kong iyon.

Hindi nagtagal at ngumiti ang mukha ng araw sa ibabaw ng mga bundok sa Silangan. Nagtuloy sa barberya ni Mang Pedring ang aking panginoon. Palaging nagpapalipas siya ng mga oras doon, lalo na ngayong tapos na ang mga gawain sa bukid. Nakikipagsatsatan siya roon habang walang tigil ng paghimas sa akin.

May ilang tao na kaming dinatnan sa barberya. May dala ring mga tinali. Nagbatian sila ng aking panginoon.

Sa barberyang yaon sinabi ng aking panginoon noong isang linggo na ilalaban na ako ngayong araw na ito. Ang barberyang yaon ang sumaksi sa napakaraming pakikipagsanay ko sa aking kapuwa. Doon ko rin narinig ang maraming malulungkot na dulang naganap at patuloy na naganap sa buhay ng tao. Kung paanong ang mga api'y lalo pang naaapi. At ang mga makahari'y lalo pang nagpapalalo.

Doon ko narinig ang tinatawag nilang digmaan ng mga bansa. Sa simula'y hindi ko nauunawaan yaon. Subali't nang lumao'y naliwanagan ko rin. At kay saklap ng aking natuklasan. Nagpapatayan ang mga tao dahil sa kayamanan at kapangyarihan! Sila na rin ang naghahasik ng lagim sa daigdig na ginawang tahimik ng Diyos. At hanggang ngayo'y naitatanong ko sa aking sarili: Bakit kailangang gawin pa nila yaon? Bakit walang pagkakaisa ang mga tao?

At hindi lamang iyon. Nitong huli'y lalong nakapanlulumong katotohanan ang aking nabatid. Iyon ay tungkol sa mga Huk. Ang mga Huk na tinatawag nila'y katulad din pala ng aking panginoon at ng sino mang taga-roon sa nayong aking sinilangan. Pumapatay sila ng mga mamamayang salungat sa kanilang simulain. At ng mga kawal. At ang mga Huk ay pinapatay naman ng mga kawal. Mga kawal na kadugo rin nila, kalahi, kakulay. Ano ang kahulugan ng lahat ng iyon? Dahil din kaya sa kayamanan at kapangyarihan?

Patuloy na pinasasama ng tao ang daigdig. Pinapapangit nila ang buhay. Pagpatay! Panghaharang! Panggagahasa! Pandurukot upang ipatubos ng salapi! At kung anu-ano pang nakapanlulumong kasamaan ang aking nabatid. Maging ang tinatawag nilang mga katiwalian ng mga nasa pamahalaan. At kung magpapatuloy ang lahat ng iyan, saan patungo ang daigdig? Ano ang kahihinatnan ng buhay ng tao?

Natutuwa ako at hindi ganyan ang buhay namin sa simula. Malaya kami. Maligaya. Walang hinahangad kundi ang makatagpo ng kakanin sa aming pamamasyal kung araw. Walang salaghati. Walang suliranin. Nabubuhay nang naaayon sa banal na kalooban ng Diyos.

Nguni't sa wakas ay nabatid kong ang mapakialam na kamay at isip ng tao'y lumikha na rin ng ligalig sa aming buhay. Hindi kami nakaiwas. At ano ang aming magagawa sa kanilang kapangyarihan? Silang sa pagkapalalo'y humahamon na rin sa kapangya-

**Nang Muli Siyang Makalaya At Makapiling Ang Mahal Na Si "Mestisa" Ay Lalo Niyang Kinahahabagan Ang Tao Na Dahil Sa Paghahangad Sa Salapi At Kapangyarihan Ay Nakalilimot Sa Kagandahan Ng Buhay**



rihan ng Diyos?
Isinangkot nila kami sa pakikipagpatayan! At ang gayo'y dahil din pala sa salapi.
Gayon na lamang ang naging pagkasuklam ko sa aking panginoon nang hulihin ako at itali. Naputol ang aking kalayaan... ang magandang buhay na namamalas ko at nadarama sa aking paligid. At ang labis kong dinamdam ay nawalay ako kay Mestisa. Si Mestisa ang pinakamaganda at pinakamabait na naging kakilala ko, hanggang sa ganap niyang mabihag ang aking puso. Lagi kaming magkasama. Ni saglit ay hindi ko na nais pang malayo sa kanya.
Sa kapitbahay namin nakatira si Mestisa. Tinawag ko siya sa gayong pangalan sapagka't Kantones ang kanyang ama at katutubo naman ang kanyang ina.
Nanimdim ako nang gayon na lamang sa unang araw ng pagkakawalay ko kay Mestisa. Nginangatngat ng panibugho ang aking puso. Ngayong nakapiit ako'y tiyak na si Talisain o si Bulik ang lumalapit sa kanya. Naghihimagsik ang aking kalooban.
Ako lamang ang nakalalapit kay Mestisa nang malaya pa ako. Ilag sa akin ang lahat ng tagaroon sa aming pook. Iyon marahil ang dahilan kaya ako'y hinubog ng aking panginoon upang maging isang kilabot.
Naging idolo ako sa mga pagsasanay. Marami ang humanga sa aking bilis at lakas. Ako ang kampeon sa aming pook at maging sa mga karatig. Alagang-alaga ako ng aking panginoon.
Nguni't hindi sapat iyon. Hindi ko kailangan ang masasarap na pagkain. Ang mabuting pagtingin. Higit na kailangan ko ang ako'y muling maging malaya. Ang muling makapiling ni Mestisa.
Isang naging beterano — baldado ang isang pakpak — ang nakapagbalita sa akin kung ano ang ginagawa sa mga sinasanay na tulad ko. Dinadala umano sa sabungan at pagkatapos lalagyan ng patalim sa isang paa at isasagupa sa isang nasasandatahan din hanggang sa mamatay, o makapatay. Tumututol ang aking budhi. Iyon ay isa pang katibayan ng walang pangalang kalupitan ng tao!
Marami ang nagsabing pupusta sa akin sa araw ng labanan. Nakatitiyak raw sila ng panalo.
At ngayon nga, nang masangguni uli ng aking panginoon ang lahat ng kampi sa akin, ay umuwi siyang masigla ang katawan.
Hindi na ako makaiiwas. Nguni't hindi ako nagpahalata sa aking panginoon. Masigla rin ako nang patungo na kami sa bayan, kasama ang isang pangkat ng mga taga-nayon.
Bago tumanghali'y naihanap din ako ng makakalaban. Nagumugong ang sabungan sa hindi magkamayaw na hiyawan ng mga tao. Malaking-malaki ang pustahan. Ako ang liyamado.
Namanhid ang aking kuyakot nang ipatuka ako sa aking kalaban. Napadaing ako at sinabi ko sa kanya: —Ipinakalakas mo naman!
—Ulol!— narinig kong sinabi niya at nakita kong may poot sa kanyang mga mata. —Talagang papatayin kita!
—Ikaw ba'y sang-ayong gawin nila sa atin ito?— malamig ding tanong ko.
—Talagang ulol ka!— nanguuyam niyang wika at agad akong dinaluhong nang pawalan na kami ng may hawak sa amin, at iyon ay sinundan ng malakas na hiyawan. Umilag ako.
Muli niya akong sinugod. Sunud-sunod. Umiiwas lamang ako. Hindi ako pumapalo. Lalo namang nau-uulol ang kanyang galit. Muli kaming nagsagupa. Naramdaman kong dumapo sa kanyang katawan ang aking sandata. May tumulong dugo. Nag-apoy sa poot ang kanyang mga mata. Walang puknat na taga ang ibinigay niya sa akin. At naramdaman ko na lamang na biglang namanhid ang aking kaliwang hita. Umagos ang mainit na dugo.
Iyon na ang pagkakataon upang maisagawa ko ang aking pasiya. Nang muli siyang sumugod ay yumuko ako at pagkatapos ay tumakbo ako. Natulig ako sa sigawan. Sinundan niya ako. Nagpaikit-ikit ako. Naggigitgitang umiwas ang mga tao. Hindi ako napaabot sa kanya. Hinuli ako ng tagahatol. Hindi malagut-lagot ang sigawan. Ipinagbubunyi ang aking kalaban. Sa akin naman ay ikinapit nila ang masakit na taguring "tiyope."
Higit na masakit ang paratang na iyon kaysa aking sugat na tinamo. Nguni't tiniis ko alang-alang sa aking banal na hangarin, bagaman batid kong walang makauunawa sa akin.
Nagngingitngit ang aking panginoon nang abutin ako sa tagahatol. Tinungayaw ako. Mapulang-mapula ang kanyang mukha at may gumigiting pawis sa kanyang noo at leeg. Iniamba akong ipapalo sa lupa. Kinilabutan ako. Biglang sumiksik sa isip kong bigo rin yata ang aking magandang hangarin. Pumikit na lamang ako at hinintay ang masaklap na wakas ng aking kapalaran. Nasa aking puso ang kapaitan.
Nguni't narinig kong sinansala ng isang kasama ang aking panginoon. Kinuha ako ng nagtanggol sa akin at maingat na sinuri ang aking sugat.
Ngayon... napasasalamat ako at hindi iginawad sa akin ng aking panginoon ang huling hatol nang datnin namin ang aming nayon. Sa halip ay pinalaya ako.
Makirot man ang aking sugat at paika-ika ang aking paglakad ay hinanap ko si Mestisa. Sabik na sabik ako sa kanya. Pinananabikan ko ang muling makapiling silang lahat.
Natagpuan ko si Mestisa. Nasa gitna siya ng bakuran, kasama ng iba pa. At nang makita ako'y buong pananabik siyang sumalubong. Biglang nawala ang kirot ng aking sugat. At batid ko, sa piling ni Mestisa'y muling magpapatuloy ang buhay — ang buhay na kailangang magpatuloy rin sa panig ng mga tao, at itakwil ang pagpupuksaan dahil sa kapangyarihan at kayamanan. Dapat magpatuloy ang buhay.***


• **Mga Alamat Natin**

ni **Maria Salome Tonsay**

ANG ALAMAT NG BUWAN ay nagsimula sa dakong Mindanaw at lumaganap sa Pilipinas sa pamamagitan ng mga nagsisipaglakbay. Ang alamat na ito ay balita na noon pang bago lamang nasasakop ng Espanya ang Pilipinas at nanatiling buhay sa alaala ng mga mamamayan hanggang sa pagdaraan ng mga salin ng lahi.
Ayon sa alamat na ito, noong araw ay wala pa ang buwan sa ating papawirin. Ang araw na kilala sa taguring si "Pebo" ay labis na nangungulila sa kanyang pag-iisa sa kaitaasan. Siya ay kinikilalang hari ng kahit na sino, subali't ang kanyang pagiging hari ay walang kabuluhan sapagka't wala siyang reyna. Dahil diyan, ang haring si Pebo ay malungkutin. Pagkagising na sa umaga ay laging nakamungot at namamahinga rin sa hapon na larawan ng pagkabalisa.
Ang pagmamaramot ni Pebo sa kanyang sinag ay labis na dinaramdam ng mga mamamayan sapagka't ang pananatiling kulimlim ng


# *Ang Alamat ng Buwan*

**Walang Reyna Ang Haring Araw Kaya Laging Kulimlim Ang Kanyang Sinag Hanggang Sa...**



araw ay nangangahulugan ng pagkaputol ng hanap-buhay ng mga tao.
Sa isang kaharian sa pulo ng Sulu ay isang datu ang laging nagagambala ng sumbong ng mga mamamayan dahil nga sa laging kulimlim na sikat ng haring araw. Nang abutin ng matinding pagkayamot ang datu sa mga sumbong na tinatanggap ay tinipon ang lahat ng kanyang mga kasangguni upang lutasin ang suliraning bumabagabag sa kanila.
Sa kanilang paguusap, napagkaisahan ng datu at ng kanyang mga kasangguni na magpatawag ng isang pantas upang sa pamamagitan ng karunungan nito ay makausap si Haring Pebo.
At gayon nga ang kanilang ginawa. Ang pinakamatanda at iginagalang na pantas ng kanilang tribo ay gumawa ng lahat ng paraan upang alamin ang dahilan ng ipinagkakagayon ni Pebo. Sa tulong ng pantas na iyon ay nabatid ng datu na naghahanap ng magiging reyna si Pebo. At ang nagugustuhan ni Pebo ay ang tanging anak na prinsesa ng datu, sapagka't aniya'y kailangang maging isang dugong maharlika ang reyna niya.
Ang kahilingan ni Pebo ay inaring napakabigat ng datu sapagka't hindi niya matitiis na mapawalay sa kanyang piling ang kaisa-isang anak. Bukod diyan ay tanging ito na lamang ang magiging tagapagmana ng kanyang kaharian.
Nagmatigas ang datu. Ano mang amuki ang gawin ng kanyang mga tagapayo ay hindi nagbago ang kanyang pasiya. Samantala, patuloy naman ang pagdagsa ng mga sumbong hinggil sa malaking ipinaghihirap ng mga mamamayan dahil sa pagmamaramot ng araw ng kanyang sinag.
Ang nais ni Pebo ay inilihim kay Prinsesa Sulaymin. Walang makapangahas na bumanggit niyon sa palasyo lalo na kung naroroon ang prinsesa sapagka't mahigpit silang tinagubilinan ng datu. Alam din nila ang ugali ni Sulaymin na mapagkawanggawa lalo pa kung nangangahulugan ng kaligayahan ng mga mamamayan. At sila man ay hindi makapapayag na mapawalay sa kanilang piling ang pinakamamahal nilang prinsesa.
Nguni't isang araw, si Sulaymin at ang kanyang pangunahing dama ay nagpasyal sa may dakong sapa. Sa daan ay nakasalubong nila ang isang pulubi. Tinawag iyon ni Sulaymin at inusisa ng maraming bagay na hangad na matuklasan ang dahilan ng ipinaghihirap ng pulubing yaon. Hindi sinasadya ay nabuksan ng pulubi ang nauukol sa suliranin kay Pebo, hanggang sa malaman ng prinsesa na ang kanyang kamay lamang pala ang maaaring makalutas sa mabigat na suliraning bumabagabag sa kanilang tribo.

*(Sundan sa pahina 29)*



Ito ang lipon ng mga pulubing tumatanggap ng "pakaridad" na singko sentimos tuwing Martes, sa simbahan ng Nuestra Señora de Loreto... matapos magsipagdasal at magsipakinig ng sermon.

ya kapag may nagtatanong sa kanila. —**Hindi kami nagpapalimos. Aywan ko kung bakit sila nagtitipun-tipon**—madalas na itutugon ng mapagtatanungan sa isang di-kilala. At pagkatapos mabatid na hindi dapat pangilagan ang nagtanong, isasagot ng pulubi ring iyon: **Maaari hu bang makahingi ng limos?**

Maghihintay ang mga pulubi hanggang sa may ikasampu ng umaga. Sa oras na iya'y aabot na ang bilang nila sa 70 o higit pa. Saka sila papapasukin.

Di tulad ng pakaridad sa ibang simbahan gaya ng sa Quiapo at Sta. Cruz, sa simbahan lamang ng Sampalok pinupulong ang mga pulubi at tinuturuang magdasal bago bigyan ng limos.

Itinuturo rin sa kanila ang mga aral sa Bibliya, ang pagkamabuting Kristiyano at ang patuloy na pananalig sa Diyos.

Sinisimulan ang pagpupulong sa pamamagitan ng sama-samang pagdarasal na pinangungunahan ng pari. Lahat ay nagsisiluhod, maliban sa ibang may mga kargang bata na nagsisiupo na lamang.

Pagkatapos ay maingat na magsisiupo upang makinig ng ipangangaral ni Padre Planta:

**Nagkasala ang ating unang mga magulang na sina Eba at Adan. Kayong mga magulang ay dapat nang maging halimbawa sa inyong mga anak. Ituwid ninyo sila. At kayo namang mga anak, sumunod kayo**

### Ang Kalooban Ng Diyos Ay Ipinadarama Sa

# ₱.05: Pagkatapos Ng Pangaral At

*ni Feliciano Abejuro*

**NARITO TAYO sa lupa upang tayo'y mailigtas sa tiyak na pagkabulid sa naglalagablab na apoy ng impiyerno. Kabutihan lamang ang maaari nating maiganti sa Kanya...**

Sa harap ng may 70 pulubing nagtitipun-tipon sa simbahan ng parokya ng Sampalok, Maynila tuwing Martes, iyan ay madalas ipangaral ni Padre Vicente Planta, katulong na kura paroko ng simbahan ng Nuestra Señora de Loreto.

At ang bawa't magsidalong pulubi, matapos makapakinig ng pangaral at makapagdasal, ay binibigyan ng singko sentimos na pabuya o limos. Ito'y tinatawag nilang "karidad".

—Kaysa limusan na lamang sila at sukat, —ani Padre Planta, — naiisip naming higit na mabuting pulungin sila at hubugin sa pagiging mabuting kristiyano.

Bago magika-siyam ng umaga kung araw ng Martes, isa-isang nagdaratingan ang mga pulubi. May nanggagaling sa pinaglalagian nilang puwesto, may nagbubuhat sa paglilibot, at may galing sa kanilang mga tahanan.

Nag-uusap-usap ang mga naunang magsidating. Marami sa kanila, dahil sa madalas na pagtatagpo, ang magkakakilala. Nag-uusap sila upang huwag mainip sa paghihintay sa iba nilang kasamahan.

Sa gilid ng simbahan sila nagtatagpu-tagpo. Naroong maupo at naroong tumayo. Ang mga maydalang bata ay karaniwang humihiwalay at nauupo na lamang sa isang tabi, sapagka't ang mga musmos ay pinatutulog sa pagkakakalong.


May mga tahimik sa paghihintay at may mga nag-aalaala. Hindi pagkahapo ang kanilang ipinangangamba; lalong hindi ang maliit na halagang tatanggapin nila.

—Nangangamba kami sa biglang pagsulpot ng mga tauhan ng pamahalaan, —anila.

Hindi sila mapalagay hanggang hindi sila nakapapasok ng simbahan. Pag sila'y nakita ng mga maykapangyarihan ay paaalisin sila.

Anang isang pulubi: —Ayaw kaming makitang nagpapalimos sa simbahan, sapagka't ang pagtangkilik daw sa amin ay tungkulin ng pamahalaan... ng Pangasiwaan ng Kagalingang-Bayan (SWA).

Iyan din ang dahilan kaya ipinagkakaila nila ang kanilang sad-



"...matiyaga sila sa paghihintay. Paano'y mahalaga ang bawa't sentimo ng singkong iyon. Ang kapirasong tinapay na mabibili niyon ay maaaring makapawi ng gutom ng naghihintay na mga bata. Maaari ring iyo'y pampuno sa pambili ng gatas para sa umiingit na sanggol..."

sa inyong mga magulang...

Habang nagsasalita ang pari, walang umiimik sa mga pulubi. Maliban sa pag-ubu-ubo ng ilan, walang ibang gumagambala sa sermon.

Linggu-linggo ay iba ang paksa ng pangaral. Hinuhubog ang isipan ng nagsisipakinig sa mga tamang paniniwala tungkol sa relihiyon.

Kung minsang walang gaanong ginagawa ang kura paroko — si Padre Jesus Tison — siya'y nangangaral din sa natitipong mga pulubi.

Nguni't sino man ang magbigay ng sermon, taimtim na nakikinig ang mga pulubing iyon. Manakanaka silang nagkakatinginan... hindi magkikibuan... saka muling tatanaw sa nagsesermon.

Sa pagtatapos ng pangaral, marahan silang luluhod at sabay-sabay na magdarasal. Pagkapag-antanda'y maingat, nguni't mabilis silang tatayo.

Sa may pintuan... sa bandang daanan... isang katulong sa simbahan ang nakatayo at may hawak na mga baryang singko sentimos. Siya ang namamahagi ng limos.

Mag-uunahan sa paglapit sa kanya ang mga pulubi. Nguni't ang mga iyon ay pipigilin niya. Papipilahin. Sa dakong likuran ay magmamasid-masid ang pari. Mangingiti-ngiti iyon dahil sa katuwaang mababakas sa mukha ng mga nagsisitanggap.

Isa namang hindi pumasok sa simbahan ang tatanaw-tanaw sa pagbibigayan. Hindi siya Katoliko. Nguni't tulad ng iba, siya man ay tumatanggap ng limos.

Isang pinakapuno ang magpapamadali sa nagsisipagpalimos: — Dali kayo, pupunta pa tayo sa ibang simbahan. —Iyon ay kung nasasabay ang karidad doon sa pakaridad ng ibang simbahan.

Buhat sa isang lugar ay may lalapit na pari: **—Padre, hindi ako nakatanggap noong isang linggo. Puwede hu bang makadoble ngayon?**

Lahat nang iya'y maliliit na bagay na ginagawa ng tinatawag na "maliliit na tao." Nagaganap ang mga hinanakitan dahil sa singko sentimos.

**Paano'y mahalaga ang bawa't sentimo ng singkong iyon.** Ang kapirasong tinapay na mabibili niyon ay maaaring makapawi sa gutom ng naghihintay na mga bata. Maaari ring iyo'y pampuno sa pambili ng gatas para sa umiingit na sanggol.

Marami pang ibang mapaglalaanan ang singko sentimos na iyon na hindi nababatid ng isang hindi nakadarama ng pagdarahop. Marami ang nabibigyan ng ganap na lugod sa pagkatanggap ng maliit na halagang iyon.

## ESPANYOLA KARUGTONG

ningning ang mga mata ng ina ni Teresa.

—Aywan ko, Inay... may pagkakataong dahil sa kalayuan ng inyong kalaban at sa dami ninyong bumabaril ay hindi ninyo malaman kung kayo nga ang nakapatay doon o kung si Karyas.

—Siyanga, Aling Iska, —ani Karyas. —Pag malapitan lamang ang laban saka ninyo makikita ang inyong napapatay.

—Santisimang Ina ng Ama, e, di nakakatakot pala!

—Sanayan lamang, Aling Iska ...sanayan lamang.

—Mabuti't nakauwi pa kayong buhay! Salamat sa Diyos!

—Oo, e, papaano ho? —ani Karyas at tumayo buhat sa pagkakaupo sa bangkong kawayan sa tabi ng bintana. —Ako ho'y magpapaalam muna't gusto ko na ring makita ang aking mag-ina.

—Bakit hindi ka pa dito maghapunan at saka ka na umuwi, — anang Matandang Gyro.

—Saka na ho, Maestro.

—E, buweno...

—Siya, Angelito...

—Kumusta sa iyong mag-ina, Karyas.

Sibsib na ang gabi bago nawasak ang pulutong na dumalaw kay Angelito. Muling magsisibalik ang mga yaon kinabukasan, batid niya. Magtutungo roon sina Mang Blas, Aling Chayong, Da Marta, at marami pang iba. Tatanungin ng mga yaon kung nakasama si gayon at si ganito... at kung bakit hanggang ngayon ay hindi nagsisiuwi. Mahirap sabihin ang katotohanan, manapa, ang katotohanan ay masusugat. Hindi niya masasabi kay Aling Chayong ang katotohanan: na hindi na magbabalik si Fidel, na iyon ay napatay sa labanan! Higit na mabuti magkaminsan ang umasa sa kabiguan, kaysa ganap na malamang hindi na babalik ang hinihintay.

Sa kanyang tabi'y gising pa si Teresa at nakasalikop ang mga daliri sa kanyang palad.

—Bakit hindi ka pa matulog, —anas niya.

—Natatakot akong baka kung ako'y magising ay mabatid kong ito'y isang pangarap lamang.

*(Sundan sa pahina 31)*


**Kanila Na May Kalakip Na Munting Halaga**

# Pagdarasal

Sa pagbibigayang iyon ng "karidad" ay may mumunting bagay na magaganap:

Isang nakatanggap na ang mapapatingin sa isang nagsasahod ng kanyang kamay, at makapagwiwika: —Huwag n'yo hung bigyan iyan. Nakita kong pumasok lamang nang matapos na ang pagsesermon.

Ang "malaking biyayang" iyon para sa mga pulubi ay maliit na bahagi lamang ng kalabisang panggastos ng mga nakaririwasa. Nguni't mabibihira ang nagpapawala ng singko sentimos na iyon buhat sa kanilang bulsa upang makapagpaligaya sa mga nagsisipakinig ng pangaral... sa mga nagsisipagdasal... * * *



**"Sa gilid ng simbahan sila nagtatagpu-tagpo... naroong maupo at naroong tumayo. Ang mga may kargang bata ay karaniwang humihiwalay at nauupo na lamang sa isang tabi..."**

## Subukin Ang Inyong Kaalaman

ni MRN

1. Ang bagong gusaling itinayo para sa GSIS ay nasa panulukan ng Arroceros at...
   a. **Hospital Road** b. **Concepcion** k. **Ayala**
2. Ang maganda at makabagong gusaling Shurdut ay nasa...
   a. **Intramuros** b. **Ermita** k. **Malate**
3. Ang gusaling dating kilala sa pangalang Consolidated Investment ay tinatawag ngayong...
   a. **Goiti Bldg.** b. **Roman Santos Bldg.** k. **Prudential Bank Bldg.**
4. Nasa daang F. Torres ang gusali ng Manila Times. Ang F ay nangangahulugang...
   a. **Fabian** b. **Florentino** k. **Francisco**
5. Matatagpuan ang National Bureau of Investigation sa...
   a. **Taft Ave.** b. **R. Pascual** k. **Isaac Peral**
6. Hango ang pangalang Dewey Boulevard sa pangalan ng isang bantog na Amerikanong...
   a. **heneral** b. **almirante** k. **sundalo**
7. Kapuwa nasa daang ito ang gusali ng San Juan de Letran at Philippines Herald...
   a. **Muralla** b. **Anda** k. **Cuarteles**
8. Ang Taft Avenue ay buhat sa Plaza Lawton hanggang sa...
   a. **Lunsod ng Pasay** b. **Baclaran** k. **Pasay Rotonda**
9. Nasa daang ito ang gusali ng "Manila Police"...
   a. **Isaac Peral** b. **City Hall** k. **Port Area**
10. Unang inilagak ang labi ni Gat Jose Rizal sa...
   a. **Sementeryo ng La Loma** b. **Bagumbayan** k. **Sementeryo ng Pako**

**MGA SAGOT...**

1. b 2. a 3. b 4. b 5. a
6. b 7. a 8. b 9. a 10. k



sa dalaga. —Ako'y si Don Rosauro Rivas, isang asendero na nagbabakasyon dito.

—Mabuti po naman, Don Rosauro. Kayo pala'y...

—Huwag mo na akong pupuin, Femy. Ipalagay mong dati na tayong magkakilala.

—Ba, e, huwag po naman, —ang nahihiyang tutol ng dalaga. —Dapat ko po kayong igalang, sapagka't malaki ang agwat ng inyong gulang kaysa akin.

—Hindi gaanong malaki, Femy, at iyan ay hindi na pinapansin ngayon ng lipunan, hindi ba, Donya Isabel?

—Tama ang inyong sinabi, Don Rosauro. Habang tumatanda ang tao ay bumabata ang puso. Tingnan mo na lamang ang nangyari sa amin ng iyong ama, —ang tukoy kay Femy, —labing-walong taon ang tanda niya sa akin...

—Nakita mo na! —ang sahod ni Don Rasauro. —Sinasabi ko't sa panahon ngayon ay karaniwan na ang pagsasama ng isang bata at isang may-gulang.

—At ang napapansin ko'y nagiging maligaya ang babae, —ang salo ni Tiya Isabel. —Alin? hindi ko maaaring malimutan ang kaligayahan ko sa piling ni Reno. At kung ako'y bibigyan pa ng pagkakataong makapag-asawa sa isang katulad ni Reno, ako'y makikipagisang-puso.

—Ang Tiya Isabel naman, —ang pan si Tiya Isabel at si Don Rosauro tungkol sa kanya. Humingi siya ng paumanhin at nakihalubilo sa ibang mga dalaga.

---

SINA DON RASAURO at Tiya Isabel ay dating magkakilala. Noon pa mang dalaga pa si Tiya Isabel ay malimit nang magkasama ang dalawa sa mga pagtitipon. Si Don Rosauro Rivas ay may ilang taon nang nababalo, at sa kanyang gulang na limampu't walong taon ay malakas pa at masigla ang katawan. Siya'y mayaman, isang asenderong nagkakamal ng maraming salapi. Mahilig sa kadalagahan. Ang puso niya'y hindi nakakaramdam ng pagtanda. Sa palagay niya'y para pa siyang binatang kasibulan, mahilig sa mga kasayahan at madaling maakit ng kagandahan ang kanyang puso.

Ang totoo, nang dalaga pa si Tiya Isabel ay pinag-aksayahan din ni Don Rosauro ng salapi at panahon. Nagkaroon din siya ng paghahangad sa kariktan at kasariwaan nito. Datapuwa't naunahan lamang siya ni Mang Reno na lalong mabilis kaysa kanya. Nguni't hindi niya ikinalungkot yaon o ipinagdamdam kaya. Ipinalalagay ni Don Rosauro na ang buhay ay talagang ganyan — tagumpay at kabiguan. Kung mabigo, kailangang limutin at muling makipagsapalaran.

Sinundan ng tingin ni Don Ro-

# Nagbalik na Pagmamahal

**Sa Hindi Sinasadyang Pagkakataon Ay Nasubukan Ni Femy Sina Don Rosauro At Donya Isabel Sa Isang Di Sukat Akalaing Tagpo; At Naging Mabigat Para Sa Donya Ang Paglamuyot Sa Kalooban Ni Femy**

*nina Teodorico C. Santos at Pedro Reyes Villanueva*

**(Ika-2 Labas)**

IPINAKITA ni Tiya Isabel ang kanyang ganap na kapangyarihan sa loob ng tahanang yaon. Siya ang nag-uutos at siya ang sinusunod. Inilagay niya sa ilalim ng ganap na kapamahalaan si Femy. Binawasan niya ang kalayaan nito sa pagbibihis at sa pagtungo sa mga lipunan. Dinagdagan ang mga gawain sa bahay at ipinalagay na isang pakainin.

Datapuwa't pagkaraan ng ilang buwan ay biglang nagbago ang pagtingin kay Femy ni Tiya Isabel. Hindi na siya pinahihirapan sa mga gawain sa bahay. Pinagbibihis na siya at isinasama sa mga lipunan. Nagbago ang kalagayan ni Femy. Unti-unti na namang nagbalik ang kanyang kagandahan. Nagbalik sa kanya ang kasariwaang nilanta ng mabibigat na suliranin. Ngayo'y masiglang-masigla na siya, nadama niya ang pagtingin ng kanyang Tiya Isabel. Ipinamili siya ng mga bagong damit, mga bagong sapatos, mga hiyas, at siya'y iniakyat sa mga lipunan.

—Femy, —ang nakatawang sabi ni Tiya Isabel nang minsang magkasama sila sa isang pagtitipon, —ipinakikilala ko sa iyo si Don Rosauro Rivas.

—Siya ba ang inyong pamangkin? —ang salo ng don. —Talaga palang totoo ang inyong sinabi — siya'y isang dalagang kahanga-hanga!

—Hindi po naman, —ang nakikiming hadlang ng dalaga.

—Kumusta ka, Femy? —anang don sabay yukod at abot ng kamay sabi ni Femy, —ang bata'y para sa bata at ang matanda'y para sa matanda. Alinmang pagsasamahan, kapag hindi magkaagpang, ay asahan ninyo't hindi magiging mabuti.

—Ang batang ito, —ang tila pagtatanggol ng Tiya, —hindi ba ikaw ang saksi sa matamis na pagsasama namin ng iyong papa? Hindi ba't nasunod kong lahat ang aking kapritso?

—At iyan naman talaga ang nangyayari, —ang sambot ng don. —Kaya't ako'y hindi pakakasal sa isang matanda na kundi sa isang dalagang madudulutan ko ng aliw at makapagdudulot naman sa akin ng kaligayahan.

Hindi nasiyahan si Femy sa gayong paksa ng salitaan. Tila nakahahalata siya na may lihim na usasauro Rivas ang papalayong si Femy. Nabadha sa kanyang paningin ang magandang hubog ng katawan ng dalaga. Yaon ang humahalina sa kanyang paghanga at pagpapahalaga. Napailing si Don Rosauro at napatingin sa kanyang katabing si Tiya Isabel.

—Isabel, —ang bulong ng don, —ano ang dapat kong ipaglingkod sa iyo para kay Femy? Naniniwala akong nasa kanya ang aking kaligayahan.

—Tila masama ang iyong tama, ha? —ang sukli ni Tiya Isabel na tila hindi pinansin ang kasunduang ipinapasok sa kanya.

—Inaamin ko, Isabel. Wala pa akong nakitang sariwang kagandahan na katulad ni Femy. Hindi ko

ba siya mapaliligaya sa pamamagitan ng salapi at pagmamahal?

—Naniniwala ako sa magagawa mo sa kanya. Alam ko ang iyong ugali, at sinumang babaing pagukulan mo ng pagtingin ay hindi mapapagayon lamang. Ewan ko nga lamang kung bakit naunahan ka pa ni Reno noong araw. Sana'y maligaya tayo ngayon kapuwa.

—Huwag mo nang sariwain ang nakalipas, Isabel. Ano ang malay natin, baka kaya hindi tayo ang nagkaisang-palad ay sapagka't may isang Femy na magiging bituin sa aking buhay. At naririto na nga ang katotohanan. Ikaw lamang ang maaasahan ko upang makatulong.

—Tutulong ako sa iyo, Rosauro. Nguni't ibig kong malaman mong hindi mo siya dapat biglain. Siya'y batang-bata pa at wala pang kamalayan tungkol sa bagay na iyan.

—Salamat, Isabel. Ako nama'y nakahandang tumulong sa iyo. Ano man ang hilingin mo ay hindi mabibigo.

—Kailangan lamang ang tiyaga at ang panunuyo, —ang pagunita ni Tiya Isabel. —Ako na ang bahala kay Femy. Nalalaman ko kung paano ko siya pasusunurin.

Nang gabing yaon ay inihatid pa ni Don Rosauro Rivas ang magtiya ng kanyang magarang kotse. Masayang-masaya ang don nang umalis, samantalang si Tiya Isabel ay malambing na malambing sa kanyang pamangkin.

ANG KUTOB ng dibdib ni Eufemia ay hindi nagkabula. Pagkaraan ng ilang gabing pagdalaw-dalaw sa kanila ni Don Rosauro ay ipinagtapat na sa kanya ang layunin nito. Sinabi ng don na kung tatanggapin siya ng dalaga ay paliligayahin niya sa lahat ng bagay. Ipinangako ring ibabalik ang kanilang dating kabuhayan at ang maraming pananagutang naiwan ni Mang Reno ay babalikatin niya.

—Nalalaman kong sa pasimula'y hindi ka makapagpapasya, —ang paliwanag pa ng don, —nguni't kung mapag-aaralan mong timbang-timbangin ang mga bagay-bagay ay naniniwala akong hindi mo ako bibiguin sa aking magandang hangarin.

—Nguni't Don Rosauro, —ang sagot ni Femy, —totoo pong alangan ang kalagayan nating dalawa. Ano ang sasabihin sa akin ng mga tao? Walang salang iisipin nilang ako'y napakasal sa inyong kayamanan.

—Hindi nga natin masasarhan ang kanilang mga bibig, —ang paayong sabi ng don. —Nguni't kung sila ang ating katatakutan ay napakalaking biyaya ang masasayang para sa iyo at sa akin. Kaya't ang iyong hinaharap ang dapat mong tingnan at hindi ang pagkamalabiga ng lipunan.

—Hindi po yata ako makapapayag na kayo'y makaisang-palad ko. At kung buhay ang aking ama, na marahil ay kilala naman ninyo, natitiyak kong hindi rin siya sasang-ayon sa inyong nais.

—Ang batang ito, —ang sabi ng don. —Parang nalimutan mong ang ama mo'y umibig ding katulad ng pag-ibig ko ngayon. Nang siya'y nangingibig sa iyong Tiya Isabel, ang lahat ay naipangako niya. Gaano kalaki ang kanilang pagkakaagwat sa gulang? Kaya kung buhay siya ngayon ay naniniwala akong hindi siya tututol sa paglapit kong ito sa iyo.

—Hindi totoo ang sinasabi ninyo, Don Rosauro. Hindi papayag ang aking ama na mapakasal ako sa isang matandang katulad ninyo. Nalalaman kong kayo at ang aking Tiya Isabel ay nagkakaunawaan tungkol sa akin, hindi ho ba?

—Huminahon ka, Femy. Nabibiglaanan ka lamang. Naniniwala akong pagkaraan ng ilang araw ay magbabago rin ang iyong loob. Dapat mong malaman na ako'y walang masamang hangarin sa iyo. Ang akin ay isang pagtatapat, isang pag-ibig na humihingi ng pag-unawa.

—Nguni't hindi rin ninyo ako nauunawaan. Ang ibig kong sabihin ay matanda na kayo, at ako'y lubhang bata pa. Ano ang mapapala ninyo sa akin? At ano naman ang magiging kaligayahan ko sa inyo?

—Ang pag-ibig ay hindi nasasaklaw ng anumang bagay o kadahilanan. Kung paano may karapatang mangibig ang binata sa isang dalaga, gayundin naman ang isang may-gulang na katulad ko. Dahil ba sa ako'y matanda na ay wala na akong karapatang umibig sa isang bata. Ikaw'y malaya at ako'y malaya rin naman. Walang kapangyarihang makahahadlang sa atin. Ipinahihintulot ng batas ang pagpapakasal ng dalawang pusong kapuwa malaya, hindi ba?

—Sa iba na ninyo ibaling ang inyong hangarin, Don Rosauro. Huwag na kayong mag-aksaya ng panahon sa akin, sapagka't hindi ko kayo maaaring ibigin. Wala pa sa loob ko ang bagay na iyan.

Nagtindig si Don Rosauro Rivas at malungkot na nagpaalam kay Femy at kay Tiya Isabel. Si Femy ay naiwan sa pagkakaupo na gulo ang isip, nguni't ang kanyang Tiya ay sumunod at inihatid ang don hanggang sa may hagdanan. Nahalata ni Tiya Isabel na hindi mabuti ang naging wakas ng salitaan ng dalawa.

—Rosauro, —ang tawag ni Tiya Isabel nang makadalawang baytang nang papanaog ang don, —ikaw na sana ang bahalang magpapasensiya kay Femy.

Napatigil sa paghakbang si Don Rosauro.

—Oo, Isabel, hindi ko nga siya dapat biglain. Binibigyan ko siya ng pagkakataong makapag-isip na mabuti. Nalalaman kong aalalayan mo siya at ako'y tutulungan mo naman.

—Rosauro, kung nalalaman mo lamang ang pagmamalasakit ko sa iyo...

—Natatalos ko, Isabel. Naniniwala akong hindi ako mabibigo, magtatagumpay ako sa iyong tulong.

—Rosauro, —at napadaiti ang mukha ni Tiya Isabel sa dibdib ng lalaki kaya't nalalanghap nito ang bangong nagbubuhat sa babae, —sa ano mang paraan ay hindi ka maaaring mangulila.

—Isabel, —at walang pangiming hinawakan ang dalawang mabibilog na bisig ng babaing tila nanunukso sa kanya, —nagtitiwala ako sa iyong sinasabi; umaasa akong sa ano mang paraan ay hindi ako mabibigo.

Matagal silang nagkatitigan. Ang kanilang mga paningin ay puno ng kasiyahang nagmumula sa kanilang mga damdamin. Parang nananariwa sa kanilang mga puso ang nakaraan, ang mga araw na yaong iniluhog at ipinanuyo ni Don Rosauro kay Tiya Isabel.

Datapuwa't nang halos ilalagda na lamang ng mapagsamantalang don ang kanyang maapoy na halik sa mga labing nananabik ni Tiya Isabel, ay siyang pagsasalita ni Femy na nakalapit sa kanila nang hindi nila namalayan.

—Tiyang, naririyan pa pala kayo.

Kapuwa natigilan at napahiya sina Don Rosauro at Tiya Isabel. Hindi nila akalaing nasusubukan pala sila ni Femy.

—Aaa... oo, Femy, —ang nasambit na lamang ni Tiya Isabel, —may sinasabi lamang sa akin si Don Rosauro.


—Siyanga, Femy, —ang nakatawang sambot ng don, —siya, ako'y tutuloy na. Hanggang sa muli...

—Adiyos...


Nang bumaling si Tiya Isabel upang harapin ang pamangkin ay hindi na niya ito nakita. Si Femy ay matuling nagbalik sa dating kinauupan na sakbibi ng kabalisahan. Lumapit sa kanya si Tiya Isabel.

—Baka akala mo'y may masa-

*(Sundan sa pahina 2 )*



**NAKABITING TREN** — Makikita sa larawan ang makabagong tren na nagsisimula nang maglakbay ngayon sa "ibabaw" ng Tokyo. Kaiba kaysa karaniwang mga sasakyang de-riles, ang treng ito ay tumatakbo nang pabitin, bagay na lubhang nakatatawag ng pansin. Ang bawa't isa ay tumitimbang ng 12 tonelada, nakapagsasakay ng 62 pasahero at nagkakahalaga ng 9,000,000 yen ($25,000)









"BRIBERY ITO, SARGE!" KALAIN MONG PALAGI KO LANG DAW PATATAGALIN ANG STOP SA MGA BUS SA PINAGTITINDAHAN NIYA, E SASAGUTIN NA NIYA ANG TABAKO KO SA ARAW-ARAW!"


# BUHAY-BUHAY...

nina NICANOR ESQUIVIAS






## ...ng mga "SABIT VENDOR"




"MABUTI HINDI MO HAWAK ANG KAHON MO NANG MASAGASAAN!"



# Perri ni Walt Disney

*Salig sa katha*
*ni* FELIX SALTEN
*May-akda ng "BAMBI"*



# Nagbalik na Pagmamahal

**KARUGTONG**

mang layunin sa akin si Don Rosauro. Ang dahilan ng aming pagkakaniig sa hagdanan ay dahil din sa iyong kinabukasan.

—Hindi ako nagkakamali, —ang tugon ni Femy na gumagaralgal ang tinig. —Hindi ba totoong sinasangkalan lamang ninyo ang aking malinis na pangalan upang maisagawa ninyo ang inyong lihim na hangarin?

—Bakit ganyan kung magsasalita ka, Femy? Hindi mo na ba ako kinikilala sa loob ng tahanang ito?

—Itatanong pa ninyo kung bakit! Hindi ba nakita ng aking dalawang mata!... Nakita kong nakahilig kayo sa dibdib ni Don Rosauro... at hinawakan kayo sa dalawang bisig... at iniligtas ko kayo sa masamang hangarin niya nang tawagin ko kayo? Ano ang ikagagalit ninyo sa akin kung ako'y magsalita nang buong katotohanan?

—Ang batang ito, —ang malumanay nang salita ni Tiya Isabel, —iyon ba ang ikinagagalit mo? Dapat kong tiyakin sa iyo na hindi ako ang kanyang layon sa pagparito kundi ikaw. Iniibig ka ni Don Rosauro upang paligayahin ka at ibalik sa atin ang kayamanang itinapon ng iyong papa.

—Ako? Iniibig ako ni Don Rosauro? Diyata't paliligayahin niya ako at ibabalik ang kayamanang itinapon ng aking Papa? Ha, isang malaking kabaliwan para sa matandang iyan ang mag-ukol ng anumang panahon sa akin. Sinabi ko na sa kanya na hindi ko siya iniibig at hindi ko maiibig kailanman.

—Nabibiglaanan ka lamang, Femy, —ang may mababang tinig na tugon ni Tiya Isabel, —dapat mong malaman na kung si Don Rosauro ang iyong mapapangasawa ay mababalik ka sa kasaganaan.

—At ang ibig ninyong sabihin ay pakasal ako sa salapi? Ang nais ninyo'y ipagbili ang aking puso sa kayamanan? Iyan ang hindi ko magagawa hanggang sa tabunan ako ng lupa!

—Tse, napakataas mong magsalita. Baka tikisin ka ng tadhana, Femy. Ang iyong pagkaulila at pamumulubi ngayon ay babala ng marami pang kasawiang darating sa iyong buhay. Kung ako'y nagmamalasakit sa kapakanan mo ay hindi para sa akin kundi para sa iyo. Mag-isip-isip ka sana, pamangkin ko.

—Nakatatawa kayo, Tiyang. Hindi ko ba nalalaman na ako'y ipinagkakanulo ninyo sa isang asendero nang dahil sa salapi? Ibig ninyong mapalungi ang aking kapurihan, sapagka't hindi kayo ang aking tunay na ina! —at nabasag ang tinig ni Femy na kasabay ang pangingilid ng luha.

Namula si Tiya Isabel sa harapang panunumbat at pagpapatang ni Femy sa kanya. Hindi siya nakapagpigil at kasimbilis ng kidlat na nabirahan ng sampal ang bibig ng pamangkin.

—Bakit? Bakit ninyo ako sinaktan? Nagalit kayo sa sinabi ko pagka't siyang totoo, hindi ba?

—Sinampal kita sapagka't lapastangan ang iyong bibig! Hanggang kailan mo pa uulit-ulitin sa akin ang kalapastanganang iyan? Ako pa ang magmalasakit sa iyo, ako pa ang iyong hahamakin!

—Kung ibig ninyong huwag ko kayong malapastangan, ay huwag ninyong pakialaman ang suliranin ng aking puso. At kung kayo'y nanghihinayang sa salapi ni Don Rosauro, malaya kayong makisama sa kanya!

—A, ganoon! Diyata't nakapagsalita ka rin sa akin ng ganyan! Tandaan mo ito: buhat ngayon ay ako ang makapaghahari sa iyo sa lahat ng bagay. Kung ano ang ibig ko ay siya mong susundin, naintindihan mo?

At si Tiya Isabel ay nagtungo sa kanyang silid na taglay ang matinding poot sa pamangkin.

KINABUKASAN ng umaga, samantalang nag-aalmusal ang magtiya ay naulit ang suliraning naging dahilan ng kanilang pagsasagutan nang nagdaang gabi. Si Tiya Isabel ay naging masigasig at matapang.

—Ngayon ay wala na tayong dapat pang pagtalunan, —ang makapangyarihang simula ni Tiya Isabel. —Ipinagkasundo na kitang mapakasal kay Don Rosauro, naiintindihan mo?

—Ipinagkasundong ipakasal ako? Napakabilis naman yata ang inyong pasya, Tiyang. Hindi ba kagabi lamang ay magkakausap tayong tatlo? Bakit hindi ninyo sinabi iyan sa akin sa harapan niya? Nakapagtataka! Ang ibig ba ninyong sabihi'y nagtagpo kayo ni Don Rosauro kagabi rin nang ako'y natutulog na?

—Oo, ipinagkasundo na kitang ipakasal sa kanya, —ang matigas na turing ni Tiya Isabel, —at iya'y pinag-usapan na namin hindi lamang kagabi kundi nang mga nagdaang gabi pa. At ikaw'y mapapangasawa niya sa ibig mo at sa hindi! —at ikinumpas-kumpas pa ni Tiya Isabel ang kanyang kamay sa mukha ni Femy.

—Kung gayo'y napasubo kayo nang masamang pagkakasubo, —ang tinig ni Femy ay nakikibaka at waring humihingi ng katarungan. —Ang inyong ginawa ay isang kabaliwan; isang paghamon sa aking kalayaan, at iya'y tiyak na mabibigo!

—At tandaan mo naman, sa sandaling magmatigas ka laban sa kasunduan naming ito ni Don Rosauro, ay huwag mo na akong kilaning Tiyang. Ikaw o ako ang dapat manatili sa tahanang ito!

—Talaga bang gustung-gusto ninyo si Don Rosauro? —ang tiyakang tanong ni Femy na halos magbuhol ang hininga sa sama ng loob.

—At bakit ganyan ang tanong mo sa akin?

—Sapagka't kung talagang gusto ninyo siya, hindi ba lalong tumpak na kayo ang pakasal sa kanya? Kayo ang pakasal sa kanyang kayamanan! Huwag ninyo akong sangkalanin sapagka't tiyak na wala kayong mapapala! —at tumayo si Femy upang iwan ang kanyang tiya sa harap ng pagkain.

—Talagang matigas ang ulo ng batang ito! Ang sinabi ko ay siyang mangyayari at hindi ang sinasabi mo! —at sa matinding galit ni Tiya Isabel ay inihagis sa sahig ang isang basong nasa kanyang harap.

—Mag-artista kayo, mag-artista kayo! —ang malakas na sabi ni Femy at mabilis na tumakbo sa bulwagan upang huwag nang marinig ang kanyang Tiya Isabel.

**Ano pa kaya ang gagawing silo ni Tiya Isabel sa kanyang pamangkin? Mapakasal nga kaya si Femy kay Don Rosauro? Ano ang hakbang na gagawin ng dalaga upang makaiwas sa kanyang kinasusuungan? Abangan ang karugtong na kabanata na lalong aantig sa inyong damdamin.**

(ITUTULOY)



## SUMUKO ANG TIGRE

GUTOM NA GUTOM na lumabas ng kanyang kulungan si Tiks, ang tigre. Isang dilag ang nakita niya.

—Lagot na ito, —naibulong niya. —Madaling la pain. Tiyak na *good chow* ako ngayon!

Biglang sumugod si Tiks. Nguni't nagulat siya nang biglang mawala ang dilag.

Napapiyak si Tiks: —Inang, nakukulam yata ako!

Hindi niya nalalaman, ang babae ay madaling nakatalon sa kabilang bakuran ng plasa. —Iba na ang gayak nang muling pakita sa tigre.

—Ha! Ha! Ha! —anang dilag. —Ikaw ay kampon ko lamang. Ako ay anak ni Satanas. Halika, lumapit ka.

Parang hilong napasagot si Tiks: —Basta kayo, panginoon ko, nanginginig pa...

(Bilib na bilib naman kayo. May kuwento bang ganyan? Hindi talagang tigre ang nasa retrato, baka akala n'yo. Ang babae ay si Martha Hudgins, "cheerleader" ng High Blue Devils Football Team, na nangangantiyaw sa kalabang Northside High Tigers sa isang kampeonato sa putbol na idinaos kamakailan sa Atlanta.

*(Wide World Photo)*


ISANG MASAYANG UMAGA NG BUWAN NG MAYO...
MASAMANG TIYEMPO ANG PAG-BABAKASYON NG PA-MANGKIN MO, TRINING! NATAON PANG MAGBA-BAKASYON DIN TAYO SA BAGYO!
SIYENGA! PERO, HINDI BALE... NARITO NAMAN ANG ANAK MO! SIYA NA ANG BAHALA KAY LUZ...
SINO BA ANG PAMANGKIN MONG 'YAN, MAMA! WALA MAN LAMANG KAYONG NABABANG-GIT SA AKING PINSAN KO NA MAY GANYANG PANGALAN!
HINDI MO NGA SIYA MAKIKILALA, RODOLFO! MALIIT KA PA NANG MAGTUNGO SA KABISAYAAN ANG AMA NIYA, SI PRIMO, NA ISA KONG PINSANG MAKALAWA!
WALA NA KAMING TINANG-GAP NA BALITA KAY PRIMO BU-HAT NOON, KUNDI NGAYON LAMANG! MAY ANAK NA PALA SIYANG DALA-GA, NA MAG-BABAKASYON NGA RAW DITO SA ATIN...
IKAW NA ANG BAHALA SA PINSAN MO, PAGDATING! LIBANGIN MO SIYA AT IPAASIKASO KINA DELAY PARA MAWI-LI NAMAN DITO! MGA DALAWANG LINGGO LAMANG KAMI SA BAGYO AT UUWI NA RIN KAMI!
AKO ANG BAHALA, MAMA! HUWAG KAYONG MAG-ALALA...
Sinisinta Kita...
Akda ni VER REVALO
PINANABIKAN NI RODOLFO ANG PAGDATING NG DI NAKIKILALANG PINSAN. AT ISANG HAPONG NAKA-TUWAAN NG BI-NATANG MAGDILIG NG HALAMAN, AY NAGULAT PA NANG...
MAGANDANG HAPON PO, MAMANG HARDINERO! ...NARIYAN HO BA ANG MGA TITA TRINING?
HA?... E... OHO!... BA, WALA HO PALA!
WALA PALA SILA!... E, SINO HO ANG TAO RIYAN? PAKISABI NGA NINYONG NARITO AKO... AKO HO ANG PAMANGKIN NI-LANG SI LUZ!
MAY PAGHANGANG NAPATITIG ANG BINATA SA KA-HARAP. AT SA KUNG ANONG KAPILYUHAN, NAKA-ISIP NG ISANG MAGANDANG BIRO YAMANG NAPAG-KAMALAN SIYANG HARDINERO!
A, KAYO BA. TU-MULOY KAYO! IPI-NAGBILIN KAYO SA AMIN NG MGA SENYORA BAGO SILA UMALIS! NAGBAKASYON HO SILA SA BAGYO, KASAMA SI DON TIMOTEO AT ANG SENYORITO RO-DOLFO! PERO, HINDI SILA MAG-TATAGAL... UUWI DAW HO AGAD!
INIHATID SA ITAAS ANG DALAGA AT BINIGYAN NG SARILING SILID. HABANG NAGBIBIHIS ANG DALAGA AY LIHIM NA KINAU-SAP NG BINATA ANG DALAWANG UTUSAN...
TANDAAN NINYO, DELAY! KUNWA'Y AKO ANG HARDINERO RITO, HINDI ANG SENYORITO RODOLFO! WALA ANG SENYORITO AT KASAMA SA BAGYO!
PERO, ANO NAMAN ANG NAISIP NINYONG 'YAN, AT...
BASTA SUNDIN NINYO ANG SINASABI KO! IBIG KO LAMANG GUMAWA NG ISANG NAKATUTUWANG BIRO PAGKA'T PINAGKAMALAN AKONG TAWAGING MAMANG HARDINERO NG PINSAN KO!
HINDI NA SUMAGOT ANG DALAWA. AT NANG GABING IYON, ANG BINATA'Y NAHIGA SA ISANG SILID NA KARATIG NG SA DALAWANG UTUSAN...
MALAKING KA-BALIWAN ANG NA-ISIP KONG ITO... PERO NAKATUTUWA! TITINGNAN KO KUNG ANO ANG MANG-YAYARI!
AT KINABUKASAN, SAMANTALANG KUNWA'Y MU-LING NAGDIDILIG NG HALAMAN ANG BINATA AY LIHIM NA PASULYAP-SULYAP SA DALAGANG SIYA RIN ANG PINAGMAMASDAN...
ANG GANDA NIYA!... PERO, NAKAKAHALA-TA YATA AT KANINA PA AKO TINITINGNAN!
KE GANDANG LALAKI! BAKIT KAYA SIYA PUMA-SOK NA HARDINERO? ...KAUSAPIN KO NGA SANDALI... WALA DIN LAMANG AKONG MAKAHUNTA!
MISTER... MAMANG HARDINERO!... SAN-DALI NGA LANG HO...
NAKATUTUWA ANG MGA SUSU-NOD NA TAGPO! HUWAG KALIGTAAN ANG KARUGTONG!



Si Rosana, sa isang maromansang tagpo sa piling ni Jose de Castro na isa ring artista ng Everlasting Pictures. Ito'y kuha sa isang pelikulang nilabasan nila.

Tila pinagbubuklod ni Rosana at ng iba pang bituin ng Everlasting ang kanilang mga damdamin sa pamamagitan ng tagpong makikita sa ibaba. Ang iba pa sa larawan ay sina Norma Reyes, Jess Medina, Jose de Castro at Jerry Lopez.



# Inagaw Ng Puting-tabing

## Si Rosana Recto Ay Walang Hilig Sa Pag-aartista Noong Araw, Subali't Ang Guhit Ng Palad Ay Di Maiiwasan, At. . . .

**ni Robustiano Lu. Morota**

MARAMI sa ating mga artista ang inagaw sa paaralan ng gayuma ng puting-tabing. Kabilang na rito si Rosana Recto, 22 taong gulang at taga-Kamarines Sur. na ngayon ay isa sa pinakabagong tuklas ng Everlasting Pictures.

Marami ang nagsasabi, maging taga-loob man o taga-labas ng estudyo, na si Rosana ay kabilang sa pinakamapapalad na babae. Sa paano, di tulad ng ibang matagal na ring nangangarap ng katulad ng kapalarang natamo ni Rosana (ito'y huwag na nating banggitin pa ang ilan na ngayon ay ganap nang mga bituin) siya ay hindi na dumaan sa tinatawag na pagsubok o "screen test". Si Rosana, pagkaraan ng ilang araw matapos siyang maipakilala ni Celia Fuentes sa prodyuser ng Everlasting, ay kapagkarakang pinalagda sa isang kontrato (build-up contract), noong Disyembre 9, 1957, na tatagal ng dalawang taon.

Si Rosana Recto ay sumunod sa panganay. Walo silang magkakapatid na bunga nina G. at Gng. Francisco Recto.

Nasabi sa amin ni Rosana, nang minsang magsadya kami sa kanilang tahanan sa 963 Paquita, Sampalok, Maynila, na ang kanyang hilig ay hindi talagang pag-aartista.

—Ang pangarap ko ay makapagpatuloy ng pag-aaral sa konserbatoryo ng musika, —aniya. —Ito ay matagal ko nang nasabi sa aking magulang bago pa lamang ako magtapos ng haiskul sa Mabini Memorial College.

Subali't ang pangarap na iyon ni Rosana na makapagpatuloy ng kanyang pag-aaral sa konserbatoryo ng musika ay hindi natupad. Dahilan: hindi nakayang balikatin ng kanyang magulang ang malaking halagang gugulin niya sa pag-aaral. Kaya't ang nangyari ay kumuha lamang siya ng **secretarial course** sa isang tanyag na paaralan sa Maynila.

—Samakatuwid, nang ikaw ay agawin o akitin ng gayuma ng puting-taking ak kasalukuyang nag-aaral ka ng sekretaryal? —tanong namin.

—Oo. . . —nakangiting tugon ni Rosana. Ang kanyang mga mata'y walang kurap na nakatitig sa amin. At, sa pagkakataong iyon, nalubos ang aming paniwala na hindi nagkamali ang puno ng Everlasting sa pagkuha sa kanya upang maging isang artista.

Si Rosana ay hindi mahiyain, subali't. Nasabi niya sa amin: —Nang ipakilala ako sa mga reporter, aywan ko lamang kung nahalata nila na ako'y ninerbiyos.

Ang gayon ay hindi maiiwasan ng isang baguhang katulad ni Rosana, bagama't ang tutoo'y may karanasan na rin siya sa pagharap sa maraming tao. Sapagka't sa kanilang bayan sa Bikol ay lumabas na rin siya sa mga palabas-tanghalan. At nang panahong yaon nagsimulang akitin siya ng kanyang mga kaibigan upang mag-artista sapagka't umano'y bagay na bagay sa kanya ang maging bituin sa pelikula. Ang mga naririnig niyang yaon tungkol sa kanya ay hindi niya lubhang pinag-ukulan ng pansin. Sapagka't ni sa pangarap ay hindi man lamang sumasagi sa kanya ang pag-aartista At ang talagang hilig niya ay maging isang mang-aawit, ang balang araw ay makatapos siya ng pag-aaral sa konserbatoryo ng musika.

ANG BUONG AKALA ni Rosana, nang makaluwas na silang mag-aanak sa lunsod ng Maynila, ay nakaligtas na siya sa mga pang-aakit ng kanyang mga kaibigan na mag-artista siya sa pelikula.

—Lalo palang makapangyarihan ang gayuma ng puting-tabing dito sa lunsod kaysa sa probinsiya, —pagtatapat ni Rosana. —Tuwang-tuwa na sana ako at wala nang mag-uudyok sa aking mga magulang, bukod sa matutupad ko na rin ang aking pangarap na makapagpatuloy ng pag-aaral sa konserbatoryo ng musika. Subali't kabaligtaran ang nangyari. . .

Sa pagsasalaysay nito ni Rosana ay nabakas namin sa kanyang mukha ang isang katotohanang kailanman ay hindi na siya dapat umurong.

—Ayon sa mga nababalitaan ko tungkol sa mga babaing artista na di-umano'y hindi nagiging malinis ang pangalan sa paningin ng madla, at lubhang napakababa ang pagpapahalaga ng marami sa moralidad ng mga babaing artista. Iyan ang dahilan kung kaya't parang malayo ang aking loob sa propesyong iyan.

Ang paniniwalang iyan ni Rosana ay nabago lamang nang pagpaliwanagan siya ng kanyang ina. Anang kanyang ina: —Ang tunay na isinasama ng isang babaing artista ay nasa sarili na rin. Kung hindi marunong magpahalaga at mag-ingat sa karangalan ay walang-salang mapapahamak nga. . .

Kaya't nang isang araw ay sabihin sa kanya ng kanyang ina na sasamahan sila ni Celia Fuentes sa tanggapan ni Medyor Ongpauco, ay hindi na siya nakatutol. At gayon na lamang ang tuwa ng kanyang magulang nang ipahayag ng prodyuser ng Everlasting na siya ay palalagdain na sa isang kontrato.

Simula nang araw na iyon ay maraming mga bulung-bulungan ang naghari sa loob at maging sa labas man ng estudyo tungkol sa madaliang pagkakatanggap kay Rosana. May nagsasabing siya, si Rosana, ay lubhang mapalad sapagka't hindi na siya dumaan

sa pagsubok. Mayroon namang nagsasabi na kaya nagkagayon ay malakas ang naging "kapit" niya sa mga taga-loob ng estudyo. Subali't ang huling palagay tungkol kay Rosana ay ayaw paniwalaan ng marami. Sapagka't ang pagkakapili sa kanya ni Medyor Ongpauco ay hindi bunga ng malakas na kapit o "pull" ika nga. Maging kami ay naniniwalang matalino ang puno ng Everlasting sa pagpili ng kanyang mga artista. At ang pagkapili niya kay Rosana ay batay sa kanyang paniniwalang ito'y pakikinabangan at sadyang karapatdapat sa pagtitiwala. Hindi lamang si Medyor Ongpauco at ang mga taga-Everlasting ang may gayong paniwala kundi maging ang mga reporter na nakakita at kumapanayam na kay Rosana.

—Malayo ang mararating ni Rosana sa larangan ng pelikulang tagalog. At hindi nagkamali si Medyor Ongpauco sa pagkuha sa kanya, —halos nagkakaisang pahayag ng mga reporter.

MARAMING PALATANDAAN na hindi magtatagal at si Rosana ay matatanyag agad sa kanyang mga tagahanga. Isang katunayan, ay noong magpunta sila nina Merle Tuason sa himpilan ng MBC. Pinagkaguluhan siya noon ng mga "fans" sa labas pa lamang ng pintuan. Hindi siya pinayagang makapasok hangga't hindi niya napagbibigyan ang kanilang mga kahilingan. May nagnanais makipagkamay sa k a n y a: mayroon namang nag-aabot ng "autograph" para palagdaan sa kanya, at nagpapangagawan pa. Sinabi ni Rosana sa mga iyon na wala pa naman siyang nilabasang pelikula, nguni't hindi siya pinaniwalaan.

—Ganito pala ang artista! —pabuntunghiningang sabi ni Rosana, at siya'y napailing.

Ayon kay Rosana ay tumatanggap na agad siya ng mga liham buhat sa kanyang mga tagahanga. At sinabi naman namin na hindi maglalaon ay kakailanganin na niya ang isang kalihim upang siyang mamahala sa pagtugon sa lahat ng liham na magbubuhat sa kanyang mga tagahanga.

Natawa lamang si Rosana. At ipinangangako niyang gagawin niya ang lahat ng pagsisikap upang hindi mabigo ang pagtitiwala at pag-asa ng lahat na naghahangad ng kanyang tagumpay.

—Ibig kong maging karapatdapat kahit sa pinakamaliit na bahagi ng pagpapahalaga ng samahang nagtiwala sa akin, wika pa niya. —At lalung-lalo na sa aking mga tagahanga, sisikapin kong huwag mabigo ang kanilang pananalig na balang araw ay mararating ko ang tagumpay sa langit-langitan ng ikapitong sining. • • •

## *Pitak ng mga...* KARUGTONG

*Matagal na tayong hindi nagkikita, at hindi ko naman alam ang inyong tirahan. Wala akong magawang paraan upang mapadalhan ka ng liham. Sa pamamagitan nito, inaasahan kong matatalos mo na ang tutoo, at hindi mo naman mamasamain.*

*Hindi mo kaya ako iwasan sa muli nating pagkikita?*

*Nagmamahal,*

*Berting Polinar*

—oOo—

*ISIDRO,*

*Bumalik ka na sa atin. Pinananabikan ka ng ating mga anak. Ngayon ko napatunayan na kailangan ka namin, at ako ang nagkamali sa nangyaring di natin pagkakaunawaan. Hindi tutoo ang sinabi ko nang umagang iyon na sabihin kong layuan mo na kami. Dala lamang iyon ng matinding galit ko pagka't umuwi ka na namang lasing at ipinatalo mo pa sa madyong ang iyong suweldo. Nguni't ngayon ko napag-isip-isip na ikaw ay tao lamang na paminsan-minsan ay maaaring makagawa ng gayong pagkakamali.*

*Pinatatawad na kita... at patawarin mo rin ako, asawa ko.*

*Sa pamamagitan nito, inaasahan kong mauunawaan mo ang lahat at babalik ka na sa ating tahanan. Hinihintay ka namin nang buong pagmamahal...*

*Ang iyong asawa,*

*SINANG*

## *Mga Alamat...* KARUGTONG

—Hindi ko mapababayaang maganap ang kawalan ng katarungang ito! —anang Prinsesa. —Ngayon din ay kakausapin ko ang aking amang datu...

Pagdating sa palasyo ay humarap agad sa kanyang ama si Sulaymin. Matagal na nagpalitan ng kuru-kuro at matwid ang mag-ama, nguni't hindi rin napahinuhod ang datu. Talagang hindi niya ibig na mapawalay sa kanyang piling ang kaisa-isang anak.

Mula noon, si Sulaymin ay nanalangin nang mataimtim sa hangad na magbago ng pasiya ang ama o dili kaya ay ituro sa kanya ang paraan upang matupad ang hangad ni Pebo. Walang halaga sa kanya ang magtiis kung ang katapat naman ay kaligayahan ng kanyang tribo.

Sa kabilang dako, ang datu ay naging mahigpit sa kanyang anak. Hindi na niya pinahintulutang makalabas ng bakuran ng palasyo ang Prinsesa.

Isang umaga, masiglang nagising si Sulaymin. Maaga rin niyang ginising ang mga dama at siya pa rin ang naghain para sa kanyang ama, bagay na ipinagtaka ng lahat.

Gaya ng dating kinagawian, sa dakong tanghali ay nagliwaliw sa bakuran ng palasyo ang prinsesa na kasama ang kanyang mga dama. Hanggang sa mga oras na iyon ay masigla si Sulaymin at masayang-masaya sa pakikipaglaro sa kanyang mga dama.

Sa kanilang pagtataguan, si Sulaymin ay nagkubli sa isang malagong punong may mga baging. Subali't kung anong himala, ang mga baging ay biglang pumulupot sa katawan ni Sulaymin at ito ay mabilis na pumailanlang sa papawirin na parang higop ng hangin.

Hanggang doon na lamang nakita ng kanyang mga dama at ng lahat ng nagmamahal si Prinsesa Sulaymin. Hindi nagluwat at nagbigay na ng matinding init si Pebo na labis na ikinatuwa ng mga mamamayan. Lingid sa kaalaman ng mga nagkakatuwang mamamayan na nagluluksa ang buong palasyo dahil sa paglalaho ng Prinsesa.

Bukod sa mainit at magandang sinag ng araw, nang dumating ang gabi ay nagulat ang lahat dahil sa mahinhing sinag na kanilang nakikita mula sa isang bagay, na dili iba't ang buwan... si Sulaymin na naging reyna ni Haring Pebo. • • •






Bagama't nakadamit ng isang kasuotang Intsik ay lalo pang naggiging kaakit-akit si Barbara Perez sa larawang itong kuha sa "PAGODA" ng Sampaguita. Ano kaya ang tilá masayang naiisip at siya'y nangingiti?

# ibat ibang Kulay sa puting tabing

ni eddie

Nalalapit na naman ang taunang pagkakaloob ng gantimpala ng FAMAS sa mga kinaukulang pelikula at mga tauhan ng puting-tabing. Nang sinusulat ito ay nakatakdang ganapin sa Central Hotel ang isang pulong upang pag-usapan ang mga bagaybagay na nauukol sa gagawing pamimili sa mga kalahok na pelikula.

Kung alin-alin ang magiging mapapalad na pelikula at kung sinu-sino ang magiging mapapalad sa taong ito, ay hindi pa masabi. Nguni't sa naririnig naming mga usap-usapan, kabilang sa magiging mga kandidato sa pinakamahusay na artistang babae ng taon ay sina Charito Solis, Cynthia Zamora at Rita Gomez.

—oOo—

*Kaugnay ng taunang pagbibigay ng mga gantimpala ng FAMAS, naghahanda na naman ang lahat nang kasapi sa panayang pagpupuyat sa loob ng mahigit na isang buwan. Ang pagre-"review" sa mga pelikulang ilalahok ng iba-ibang estudyo ay sa gabi gaganapin, gaya ng kinaugalian, at aabutin ng hanggang sa madaling-araw. Mamamayani na naman ang mga pagbibiruan, pagkakatuwaan at pagtutuksuhan ng dating magkakasama sa mga gabi ng pamimili nang mga nakaraang taon. Inaasahan din ng lahat na magiging masaya ang muling pagtatagpu-tagpo ng mga miyembro ng FAMAS at ng mga bituin at iba pang tauhan ng puting-tabing.*

—oOo—

Nagpapaturo ngayon si Lita Gutierrez ng pagmamaneho ng kotse kina Willie Sotelo at Rey Ruiz, nguni't hindi pagmamaneho nang pasulong kundi paurong.

Matagal nang marunong magmaneho si Lita. Ang hindi pa niya alam ay ang magmaneho nang paurong, na akala niya'y di mahalaga. Subali't nitong mga huling araw, nahirapan si Lita sa pagpapparada ng kanyang kotse sa mataong panig ng siyudad — sopagka't hindi nga siya marunong magpaurong ng sasakyan. Kaya ang madalas mangyari, hindi siya makaparada sa talagang nais niyang pagparadahan.

Ngayon, nagpapaturo nga si Lita kina Willie at Rey ng pagpapaurong ng kotse, at tuwang-tuwa naman ang dalawa. Sino nga naman ang hindi matutuwang maging guro ni Lita — ang kaibig-ibig na si "Miss Alembong"?

—oOo—

*Ang bagong Odeon Theatre sa may panulukan ng Abenida Rizal at Azcarraga ay magiging tanghalan ng isa sa pinakamalaking panoorin sa taong ito na gaganapin sa ika-28 ng buwang kasalukuyan. Doon idaraos ang South East Asia Premiere ng Pagoda, isang super-produksiyon ng Sampaguita*

*Ang lahat nang bituin ng Sampaguita Pictures ay magsisilabas sa gabi ng "gala premiere" na ito sa isang panooring pinamagatang "The Big Broadcast of 1958". Ang palabas-tanghalan ay gagampanan din ng mga panauhing bituin.*

*Ang Pagoda ay ikalawang produksiyon ng Sampaguita na ginawa sa Hongkong sa pakikipagtulungan ng Golden City Film Co. Ito'y isinapelikula sa kulay na Eastman.*

—oOo—

Ayon kay Luisa Montesa, nasasanay na siya sa pagsusuot ng damit-pangkasal, kaya hindi na siya mababaguhan kung sakaling dumating ang araw na humarap na siya sa dambana — bagaman ngayon ay wala pa raw naman siyang pinagsasanglaan ng kanyang pag-ibig.

Nasabi iyan ni Luisa sapagka't sa *Si Meyor Naman* ay nagsuot siya ng trahe de boda nang pakasal siya kay Armando Goyena. Sa pelikulang ginagawa niya sa kasalukuyan, ang *Kastiloloy*, ay napakasal din siya kay Val Castello, at muli siyang nagsuot ng isang damit-pangkasal.


—oOo—

*Nagustuhan na ni Shirley Corospe ang pananatili sa Pilipinas. Marami na siyang mga kaibigan hindi lamang sa estudyo kundi sa bawa't pook na mapuntahan niya. At lalo pang parami ang kanyang mga tagahanga.*


*Ang ginagawang pelikula ni Shirley sa kasalukuyan ay ang* Be My Love, *na ginagampanan*



Si Mai Yiu Wah, bagong tuklas na bituin ng Shaw Brothers na mapapanood sa isang pelikulang gagawin ng samahan sa taong ito. Si Mai ay itinuturing na isa sa pinakamahuhusay magdala ng damit sa kababaihan ng Hongkong.



Sa anyo nina Nestor, Nita, at Eddie ay waring may malubhang nangyayari! Ito'y tagpo sa "VILLA MILAGROSA" ng LVN na pinamamahalaan ni Direktora Susana de Guzman.



LINDA ROXAS

BITUIN NG LVN PICTURES